

## Si Clodualdo del Mundo, Sr. Bilang Isang Kritiko at Pampublikong Intelektuwal

### *Clodualdo del Mundo, Sr. as a Popular Culture Critic and Public Intellectual*

Mark Pere Madrona

University of the Philippines Open University Faculty of Education

University of the Philippines Diliman College of Social Sciences and Philosophy

mmadrona@up.edu.ph

Si Clodualdo del Mundo, Sr. (1911–1977) ay naging tanyag bilang manunulat para sa iba't ibang plataporma sa loob ng mahigit apat na dekada—mula 1929 hanggang sa kaniyang kamatayan noong 1977. Bilang isa sa tinaguriang “tatlong hari” noong gintong panahon ng Pilipino Komiks, ilan sa mga sinulat ni del Mundo ang *Prinsipe Amante*, *Malvarosa*, at *Magnong Mandurukot*. Nakatuon ang papel na ito sa isang aspekto ng karera ni del Mundo na hindi gaanong nabibigyang pansin: ang kaniyang pagiging manunuri at komentarista. Ang kaniyang mga naisulat na panunuring pampanitikan at artikulo ukol sa kulturang popular ay nalathala sa kaniyang mga kolum na pinamagatang “Ang Tao sa Parolang Ginto” at “Ang Sining ng Bansa” pati na sa kaniyang aklat na *Mula sa Parolang Ginto* na lumabas noong 1969.

Tinalakay naman niya ang mga sosyo-politikal na isyu bilang komentarista sa radyo noong dekada '40 at '50 at bilang manunulat ng editoryal para sa *Liwayway* noong dekada '60. Karamihan ng mga artikulong tinalakay sa pananaliksik na ito ay kasama sa Clodualdo del Mundo, Sr. Collection na ibinahagi ng pamilya del Mundo sa Pamantasang De La Salle–Maynila noong 2012 bilang bahagi ng pagdiriwang ng sentenaryo ng kapanganakan ng namayapang manunulat. Sa kasalukuyan, ang mga nasabing materyal ay nasa *archives section* ng aklatan ng DLSU Manila. Sa pananaliksik na ito, ang mga akda ni del Mundo ay naorganisa sa tatlong tema: mga komento sa kulturang popular, sa panitikan, at sa mga sosyo-politikal na isyu. Nagsagawa rin ng karagdagang pananaliksik para mapatibay ang kontekstong pangkasaysayan ng mga akda ni del Mundo.

Lumalabas sa pag-aaral na ito na nagamit ni del Mundo ang kaniyang papel bilang isang pampublikong intelektuwal at kritiko ng panitikan at kulturang popular upang ibahagi ang kaniyang mga pananaw tungkol sa iba't ibang sosyo-politikal na isyu noong siya'y nabubuhay pa. Nagamit din niya ang nasabing pedestal upang isulong ang kaniyang mga adbokasiya gaya ng pag-aangat o pagtataguyod sa wikang pambansa at pagpapataas sa pamantayan ng kulturang popular sa bansa. Sa maraming konteksto, masasabing ang mga perspektiba ni del Mundo sa mga isyu ay may halaga pa rin hanggang sa kasalukuyan.

**Mga Susing Salita:** *Clodualdo del Mundo, Sr.; kasaysayan ng panitikang Pilipino; kasaysayan ng panunuring pampanitikan; kasaysayang intelektuwal; mga komentarista sa Pilipinas*

*Clodualdo del Mundo, Sr. (1911–1977) is best known as a writer for various media and literary platforms for nearly five decades—from 1929 up until his passing in 1977. As one of the three kings of the “Golden Age of Philippine Komiks” from the late 1940s to the 1960s, del Mundo wrote a long list of comics serials such as Prinsipe Amante, Malvarosa, and Magnong Mandurukot. This paper, however, focused on one aspect of del Mundo’s lifework that is often overlooked: his work as a political commentator and a literary and popular culture critic. His literary and popular culture criticisms appeared in his columns including “Ang Tao sa Parolang Ginto” and “Ang Sining ng Bansa” as well as in his 1969 compilation book Mula sa Parolang Ginto. Meanwhile, he wrote about socio-political issues as a commentator for DZPI during the late 1940s and as editorial director of Liwayway during the 1970s.*

*Most of the articles discussed in this research were accessed through the Clodualdo del Mundo, Sr. Collection of the De La Salle University–Manila’s Library. The del Mundo family bequeathed the said materials to DLSU Manila back in 2012 as part of the commemoration of the late writer’s birth centenary. In this research, the selected opinion articles from del Mundo were organized under three themes: popular culture, literature, and socio-political issues. The researcher did additional research to strengthen the historical context of his writings.*

*This research concludes that del Mundo used his role as a popular culture critic and public intellectual to elucidate on his worldviews and to weigh-in on various socio-political issues during his lifetime. He also utilized his platform to expound on his various advocacies including the promotion of the national language and the raising of the standards of popular arts in the country. In many respects, del Mundo’s insights are still relevant to this day.*

**Keywords:** *Clodualdo del Mundo, Sr.; intellectual history; literary criticism in the Philippines; literary history of the Philippines; political commentators in the Philippines*

## PANIMULA

Si Clodualdo del Mundo, Sr. ay ipinanganak noong Setyembre 7, 1911 sa Santa Cruz, Maynila. Ang kaniyang mga magulang ay sina Mariano del Mundo, isang eskultor mula sa Bocaue, Bulacan, at si Remigia Legaspi ng Sampaloc, Maynila.

Nagtapos ng sekondarya si del Mundo sa Victorino Mapa High School sa Maynila. Nakamit naman niya ang kaniyang *bachelor’s degree* sa Edukasyong Pansekondarya mula sa National Teachers College o NTC, kung saan kalaunan ay nagturo siya ng wikang Tagalog sa loob ng ilang taon. Lumahok din siya sa mga *art workshop* ng Escuela De Bellas Artes ng Unibersidad ng Pilipinas na noo’y nasa Quiapo, Manila, liban pa sa pag-aaral ng abogasya sa Philippine Law School ng may dalawang taon (A. del Mundo 1–6).

Nagsimula ang kaniyang karera bilang manunulat noong 1929 matapos magwagi ang kaniyang maikling kuwentong pinamagatang “The Outlaw” sa isang patimpalak na inorganisa ng *Sunday Tribune Magazine*. Pagsapit ng dekada ’30 ay naging manunulat at patnugot si del Mundo ng iba’t ibang publikasyon gaya ng *Alitaptap*, *Parlatone Magazine*, *Halakhak*, *Kislap*, at *Mabuhay*. Sa panahong ito nagsimula ang kaniyang

kolum na “Ang Tao sa Parolang Ginto” na nakasentro sa panunuring pampanitikan.

Sa dekadang ito rin siya naging tagapagtatag ng Samahang Panitikan, isang grupo na may layuning ipaglaban ang pagkakaroon ng pagkakataon ng mga manunulat sa Tagalog na malathala ang kanilang mga akda sa mga nangungunang publikasyon ng kanilang panahon. Mahalaga ang dekada ’30 dahil sa panahong ito idineklara ng noo’y Pangulong Manuel Quezon na Tagalog ang magiging saligan ng wikang pambansa.

Pagsapit ng 1936, nakipagtulungan si del Mundo sa kaniyang kapuwa manunulat at kritiko na si Alejandro Abadilla upang mailabas ang *Mga Kuwentong Ginto: 1925–1935*, isang antolohiya ng mga maikling kuwento na base sa kanilang pagsusuri ay ang mga pinakamahusay na naisulat noong mga taong iyon.

Pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging patnugot para sa panitikan ng magasin na *Liwayway* si del Mundo. Noong mga taong iyon, ang *Liwayway* ay isa sa mga publikasyong pinahintulutang magpatuloy ng operasyon sa superbisyon ng mga Hapones sa pamamagitan ng Manila Shimbunsha (マニラ新聞社) na kalaunan ay naging Philippine Publications. Naging polisiya ng mga Hapones na itaguyod ang Tagalog bilang wikang pambansa sa pamamagitan ng Konstitusyon ng 1943.

Naging bahagi si del Mundo ng lupon ng mga patnugot na sumuri ng mga akdang napabilang sa *Ang 25 Pinakamabuting Maikling Kathang Pilipino ng 1943*. Sa panahong ito rin ay nagsulat si del Mundo ng mga aralin sa Tagalog at Niponggo—ang wika ng mga Hapones—na nalathala sa *Liwayway* (C. del Mundo, “Lessons” walang pahinasyon).

Nagsilbi rin siyang tagapagbalita para sa estasyon ng radyo na PIAM o Philippine Islands AM—isa sa mga estasyon na pinahintulatang magpatuloy ng operasyon ng mga Hapones. Sa kabila ng kaniyang trabaho para sa mga organisasyon ng midya na kontrolado ng mga Hapones, si del Mundo ay naging bahagi rin ng kilusang gerilya kasama ng kaniyang mga kapuwa manunulat na sina Emilio Aguilar Cruz, Macario Pineda, at Brigido Batungbakal (Alegre 250).

Naging pinakaaktibo si del Mundo sa dalawang dekada matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, mula 1946 hanggang 1969. Sa mga taong ito, nakalikha siya ng hindi bababa sa tatlong limang seryeng panradyo, mahigit isang daang kuwentong pangkomiks, at ilang dosenang kuwentong pampelikula na lahat ay nakasulat sa wikang pambansa.

Ang nasabing mga taon ay itinuturing na ginintuang panahon sa kasaysayan ng radyo, komiks, at pelikula ng bansa. Si del Mundo ay itinuturing na isa sa “tatlong hari” noong ginintuang panahon ng komiks kasama sina Marcial “Mars” Ravelo at Francisco Coching. Marami sa mga kuwentong naisulat ni del Mundo ay umere muna sa radyo bago lumabas sa komiks at pinilakang tabing gaya ng *Prinsipe Amante*, *Malvarosa*, at *Magnong Mandurukot* (A. del Mundo 193–206).

Sa panahong ito rin ay nagsulat si del Mundo ng mga komentaryong pampolitika para sa estasyon ng radyo na DZPI at mga kolum na tumalakay sa kulturang popular para sa magasin na *Ang Bansa*. Naging isa rin siya sa tagapagtatag at pinuno ng samahang Taliba ng Inang Wika o TANIW, kung saan ipinagpatuloy niya ang kaniyang adbokasiya para sa pagtataguyod ng pambansang wika, at Association of Publishers and Editors of Philippine Comics-Magazines o APEPCOM na may layong mapataas ang pamantayan ng industriya ng komiks.

Taong 1969 inilimbag ng *Liwayway Publishing* ang aklat na *Mula sa Parolang Ginto* na naglalaman ng mga piling artikulo sa panunuring pampanitikan at kulturang popular na isinulat ni del Mundo sa mga nagdaang dekada.

Pagsapit ng dekada ’70 ay naitalaga si del Mundo bilang *editorial director* ng *Liwayway Publications* na noo’y nasa liderato ni Hans Menzi. Si Menzi, dating *military aide* ng noo’y Pangulong Ferdinand Marcos, ay ipinagkatiwala kay del Mundo ang pamamahala hindi lamang sa magasin na *Liwayway* kundi ang lahat ng publikasyon na inililimbag ng kompanya.

Sa panahong ito ay dumalang ang paglikha ni del Mundo ng mga kuwentong panradyo at komiks at mas naging aktibo siya sa pagsusulat ng editoryal para sa *Liwayway*. Sa huling taon ng kanyang buhay ay pinagtuunan niya ng pansin ang pagsusulat ng tanaga. Ang tanaga ay isang uri ng panulaan na binubuo ng apat na taludtod na may pitong pantig bawat isa.

Maraming prestihiyosong parangal na nakamit si del Mundo. Kabilang dito ang Don Carlos Palanca Memorial Award for Literature na napanalunan niya ng tatlong beses: ikalawang gantimpala noong 1955 para sa “May Ningning ang Kinabukasan” sa categoryang Dulang May Isang Yugto, ikatlong gantimpala noong 1960 para sa “Mister Congressman” para sa parehong categorya, at ikalawang gantimpala noong 1961 para sa “Binhi” sa categoryang Maikling Kuwento (“Directory of Winners—Palanca Awards”).

Noong 1968 ay natanggap ni del Mundo ang Gantimpalang Pampanguluhan ukol sa Literatura at Nasyonalismo (Presidential Award for Literature and Nationalism) mula kay Marcos. Siya ay pumanaw noong Oktubre 3, 1977 sa edad na 66. Noong 1998 ay iginawad kay del Mundo ng Cultural Center of the Philippines (CCP) ang Centennial Honors for the Arts bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ng kalayaan ng Pilipinas.

## KATAWAN NG PAPEL

Sa bahaging ito, tatalakayin ang mga artikulo sa panunuring pampanitikan at kulturang popular na sinulat ni Clodualdo del Mundo, Sr. Sinimulan niya ang pagsusulat ng mga ito noong dekada ’30 sa pamamagitan ng kaniyang kolum na “Ang Tao sa Parolang Ginto.” Sa panahong ito ay naging manunulat at patnugot si del Mundo ng iba’t ibang publikasyon gaya ng *Alitaptap*, *Parlatone Magazine*, *Halakhak*, *Kislap*, at *Mabuhay*.

Noong dekada ’50 ay nagkaroon ng kolum si del Mundo para sa magasin na *Ang Bansa*. Ang pamagat ng kaniyang pitak ay “Ang Sining ng Bansa.” Noong 1969 naman ay nailimbag ang *Mula sa Parolang Ginto*

na naglalaman ng mga piling artikulo sa panunuring pampanitikan at kulturang popular na kaniyang sinulat sa mga nagdaang dekada.

Ginamit ni del Mundo ang kanyang mga artikulo upang maisulong ang kaniyang dalawang adbokasiya: ang pagpapaunlad ng pambansang wika at ang pagpapataas sa kalidad ng sining popular o *popular art* sa bansa. Ang mga tekstong tatalakayin dito ay mula sa koleksiyon na ibinigay ng pamilya del Mundo sa Pamantasan ng De La Salle–Maynila noong 2012 bilang bahagi ng pagdiriwang ng sentenaryo ng kapanganakan ng namayapang manunulat. Karamihan ng mga manuskrito ni del Mundo na nasa nasabing koleksiyon ay pawang naka-bookbind. Nakakuha ng permiso ang mananaliksik mula sa pamilya upang mabasa at maipakopya ito. Marami sa mga artikulong ginamit sa pananaliksik na ito ay hindi nagtataglay ng bilang ng pahina at petsa ng pagkakalimbag.

Bagaman maraming artikulo ang kasama sa nasabing koleksiyon, masasabi pa ring isang limitasyon sa pag-aaral na ito ang kabiguan ng mananaliksik na makahanap ng kopya ng iba pang pahayagan at babasahin kung saan nagsulat si del Mundo gaya ng *Filipina*, *Lidayway*, *Mabuhay*, at *Silangan* sa kabila ng pagbisita sa aklatan ng Pamantasang Ateneo de Manila, Unibersidad ng Pilipinas, at Unibersidad ng Santo Tomas.

## Mga Piling Panunuring Pampanitikan

### *Mga Babaeng Manunulat*

Noong Hulyo 1944 ay isinulat ni del Mundo ang artikulong “Mayroon Ding Mga Babaing Manunulat Sa Wikang Pambansa” para sa publikasyong *Filipina* (C. del Mundo, “Mayroon” 27). Dito, ipinaliwanag niya na karapatdapat ding pag-ukulan ng pansin ang mga Pilipinang manunulat lalo’t madalas na iniisip na gumagamit lamang sila ng mga “manunulat na multo” o *ghost writers*. Ayon kay del Mundo, nagkaroon siya ng pambihirang pagkakataon na makilala ang maraming babaeng manunulat bilang patnugot ng kanilang mga akda.

Ayon sa pagtatasa ni del Mundo, ang mga babaeng manunulat na sumikat bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig gaya nina Rosalia L. Aguinaldo, Jovita N. Martinez, Carmen S. Herrera, Genoveva D. Edrosa, Lucila A. Castro, at Carmen A. Batacan ay masasabing nagbigay-tuon na “sila’y makalikha ng mga ulirang

tauhanang nagsisigalaw at namumuhay sa isang paligid na higit na bunga ng gunam-gunam kaysa pagiging bahagi ng tunay na buhay.”

Sa kabilang banda, ang mga babaeng manunulat na base sa kaniyang paglalarawan ay “iniluwal sa panahon ng madlang kagipitan” aniya ay “mas makatotohanan, hindi pinaririlag ang kanilang mga tauhan sa pamamagitan ng mga kaparaanang artipisyal, at pinalulusog ng mga hangaring sapat na magsilbing sangkap sa paghubog ng mamamayan at bansang may kakanyahan, may adhika sa kadakilaan” (C. del Mundo, “Mayroon” 27).

“Ang malaking pagkakaiba ng dalawang pangkat ng mga manunulat na babae ay nasa paksang kanilang tinatalakay: samantalang ang kabilang sa pangkat noong araw ay hindi lumalabas sa bakurang ipinamana sa kanila ng matatandang pares, ang mga sibol ngayon ay nangangahas na yumapak sa mga landas na dati’y pinagbawal, pinalalawak nila ang abot ng kanilang tanaw, inaangkin nila ang mga karapatan ng mga tunay na tagapaglarawan ng buhay sa iba’t ibang anyo nito,” argumento ni del Mundo (“Mayroon” 27).

### *Ang Samahang “Panitikan”*

Sa kaniyang artikulo para sa magasin na *Ang Bansa* na nalathala noong Disyembre 1957, iginiit ni del Mundo na ang Samahang Panitikan na naging aktibo noong dekada ’30 ay nakaimpluwensiya nang malaki sa pag-unlad ng literatura ng Pilipinas (C. del Mundo, “Ang Impluwensiya” 7-8).

Sa kolum na pinamagatang “Ang Impluwensiya ng Kapisanang ‘Panitikan’ sa Panulatang Pilipino,” pinuri ni del Mundo ang naging papel ng nasabing samahan sa pag-usbong ng panunuring pampanitikan sa Tagalog. Ayon kay del Mundo, posibleng isipin ng iba na ang pagkakaugnay niya sa Panitikan ang dahilan kung bakit positibo ang kaniyang pananaw sa mga naging kontribusyon nito. Gayunman, ipinaliwanag niya na:

Dahil sa pagiging isa sa tagapagtatag at unang pangulo ng nasabing kapisanan, ay maaaring ipalagay na makiling ang sumulat nito. Ngunit hindi man gawin ang isang detalyadong pagpapaliwanag ay madali pa ring mapatutunayan ang katumpakan ng ganitong pagkukuro (C. del Mundo, “Ang Impluwensiya” 7).

Paliwanag ni del Mundo, ang Panitikan ang nagsimula ng pag-oorganisa ng mga panayam-pampanitikan sa iba't ibang unibersidad, kung saan naroroon ang mga manunulat, guro, at mga may interes sa literatura. Sa tuwing may panayam-pampanitikan ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga manunulat na ipaliwanag o ipagtanggol ang kanilang mga akda, depende sa pagkakataon.

Binanggit din ni del Mundo ang ilan sa mga prominenteng manunulat na naging bahagi ng Panitikan. Kabilang dito si Macario G. Pineda, may-akda ng maiikling kuwento na “Talambuhay ng Isang Nayon” at “Suyuan sa Tubigan.”

Binanggit din niya si Salvador R. Barros na nagsilbing patnugot ng pahayagang *Mabuhay*. Binigyang pugay din ni del Mundo si Alejandro G. Abadilla. Aniya, ang akda ni Abadilla na “*Ako Ang Daigdig*” ay “isa sa mga panulukang bato sa ngayo’y matatag nang gusali ng Panitikang Pilipino” (C. del Mundo, “Ang Impluwensya” 7). Pinuri ni del Mundo ang batikang historyador na si Teodoro Agoncillo, na isa rin sa mga nagtatag ng Panitikan:

Wala pang maitutulad sa mapanuring diwa at pananaw pangkasaysayan ni Doring, na masasabing bunga ng makabagong panahon ng panitikang Tagalog. Maging ang kanyang mga naging estudyante sa wikang pambansa, na ang karamihan ay kaugnay ng Kadipnan na kanyang itinatatag, ay hindi makaangking nakapagmana ng kanyang kapwa” (C. del Mundo, “Ang Impluwensya” 7).

Binigyang pansin din ni del Mundo sina Brigido Batungbakal, Genoveva Edroza-Matute, Manuel Principe Bautista, Mabini Rey Centeno, Epifanio Matute, Timoteo S. Buhain, Ruben Vega, at iba pang dating kasapi ng Panitikan na aniya’y gumawa ng pangalan sa daigdig ng literatura sa pamamagitan ng pagwawagi sa mga prestihiyosong patimpalak, pagsisilbi bilang manunulat at patnugot sa malalaking pahayagan at magasin, at pagsulat para sa radyo at pelikula.

“Kung ihahambing sa ibang kapisanang pangwika, ang mga kasapi ng Panitikan ay nakahihigit sa dami at sa uri ng naihandog na hiyas ng Panulatang Pilipino,” pagwawakas ni del Mundo (“Ang Impluwensya” 8).

### *Literatura ng Pilipinas Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig*

Sa kaniyang kolum na pinamagatang “Ang Gintong Panahon ng Panitikang Tagalog” na nalathala noong Oktubre 1959, inilarawan ni del Mundo ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na tumagal mula 1941 hanggang 1945 na mabuting panahon para sa literaturang Pilipino. Aniya, maging ang mga manunulat, kritiko, at mga historyador ay sang-ayon sa kaniyang pagtatasa (C. del Mundo, “Gintong Panahon” 9–10).

Ani del Mundo, malaking bagay na sinuportahan ng mga opisyal na Hapones partikular si Kinichi Ishikawa ang paggamit ng pambansang wika sa mga publikasyon sa bansa noong panahon ng digmaan. Si Ishikawa ang nagsilbing pinuno ng Philippine Publications o Manila Shimbunsha (マニラ新聞社) na siyang tagasuri ng lahat ng babasahing nailimbag sa bansa noon. Pinuri ni del Mundo si Ishikawa na aniya’y sumuporta sa pagpapalaganap ng literatura at kultura sa pamamagitan ng mga pahayagan at magasin.

Dagdag pa ni del Mundo, sumikat nang husto ang maiikling kuwento, sanaysay, at lathalain noong panahon ng digmaan. Inilista niya sina Cornelio Reyes, Pilar Pablo, Aurora Cruz, at Amado Pagsanjan bilang mga pangunahing manunulat noong digmaan. Ayon pa kay del Mundo, may mga manunulat na dating Ingles ang mas ginagamit sa kanilang mga akda ngunit pagsapit ng digmaan ay mas naging aktibo sa paggamit ng Tagalog. Kabilang dito sina Narciso Reyes at N.V.M Gonzales. Paliwanag pa ni del Mundo:

Kung mayroon ngang napakinabangan ang bayan sa panahon ng mga Hapones, ay tiyakin nating maituturo ang mga kathang pampanitikang sinulat noong panahong iyon, na mula sa isip ng mga manunulat na ngayon ay matitibay na haligi ng panulatang sarili (“Gintong Panahon” 9–10).

### *Si Jose Rizal Bilang Manunulat*

Tinalakay ni del Mundo ang pagiging manunulat ng pambansang bayaning si Jose Rizal sa kaniyang sanaysay na pinamagatang “Jose Rizal, Manunulat.” Nagtuon siya sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* (C. del Mundo, “Jose Rizal” 84–87). Ayon kay del Mundo, “Ang kabuuan ng mga akda ni Rizal ay nababatay sa mga pagpapakasakit ng tao sa isang daigdig na pinamamayanihan ng kaguluhang

nagwawasak sa kanyang pag-asa” (“Jose Rizal” 84–87).

Ayon kay del Mundo, kapuri-puri ang dalawang nobelang ito dahil pareho silang nag-ugat sa paggalang sa diwang makatao at dahil sa importansiya ng pagsasakripisyo ng mga pangunahing karakter. Aniya, ipinakikita sa mga akda ni Rizal na may kakayahan ang mga taong magpakabayani para sa mabuting hangarin.

“Ang layunin ng *Noli* at *Fili* ay nabibilang sa tinatawag na nobela ng isipan: yaong nobelang ang tauhan o mga tauhan ay nag-iisip at dumarami, sa halip na kumikilos o gumagawa. Ang mga paghahamok ay nasa isipan lamang ng mga pangunang tauhan,” paliwanag ni del Mundo (“Jose Rizal” 84–87).. Dagdag pa niya, sa *Noli* ay kita sa karakter nina Crisostomo Ibarra at Elias ang tunggalian sa pagitan ng pagiging mahinahon sa isang banda at pagiging bukas sa karahasan sa kabilang panig.

“Sa pahapyaw na tinging iyan sa dalawang dakilang aklat ng bayaning Jose Rizal, at sa ilang sambit mula sa kanyang mahahalagang tauhan, ay maipapasiya natin nang walang alinlangan na ang ating bayani ay isang manunulat na mataas na uri,” pagwawakas ni del Mundo (“Jose Rizal” 87).

#### *Ang Papel ng mga Babasahin sa Pagpapaunlad ng Panitikan*

Sa kaniyang sanaysay na “Ang Katungkulan ng mga Babasahin sa Pagpapaunlad ng Panitikan,” tinalakay ni del Mundo ang papel ng mga publikasyon, lalo ang mga patnugot, sa pagpapaunlad ng panitikang Pilipino (“Katungkulan” 116–121).

“Ang Patnugot ng isang magasin, upang maging karapatdapat sa kanyang tungkulin, ay bagay na maging gising sa kanyang pananagutan sa ikatataas ng uri ng panlasa ng kanyang mga mambabasa,” ayon kay del Mundo (“Katungkulan” 117). Dagdag pa niya, tila maraming mga patnugot ang hindi nakakaintindi sa responsabilidad na ito.

“Ang pananagutan nila’y nakasalalay sa sukat ng kanilang malasakit sa ikapagkakaroon ng isang mataas-taas na pamantayan ng sariling panitikan,” paliwanag ni del Mundo (“Katungkulan” 119). Aniya, hindi dapat ipasa sa mga mambabasa ang tungkuling ito:

Ang pagpipilit na ipaubaya sa bayang mambabasa ang pagtatakda ng uri ng panitikan o ng pamantayang dapat sapitin nito, ay... isang hindi mapatatawad na kagagawan ng

mga itinuturing pa namang mga manunulat, mga patnugot, mga pantas-wika, at mga pangunahing mananagalog (C. del Mundo, “Katungkulan” 119).

Bilang pangwakas ay umapela si del Mundo sa lahat, kabilang na sa mga mambabasa, na gawin ang kanilang makakaya upang mapataas pa ang kalidad ng panitikang Pilipino: “Tayo’y maging tunay na mapag-adhika at ulirang manunulat at mga patnugot. Itindig natin ang isang matipunong Panitikang Pilipino na nagwawasiwas sa bandila ng ating pagkalahi” (C. del Mundo, “Katungkulan” 121).

Si del Mundo mismo ay nagsilbing patnugot ng maraming publikasyon. Sa katunayan, pagsapit ng 1975 ay kinilala siya bilang “Dangal ng Lahi” ni Alkalde Norberto Amoranto ng Lungsod Quezon para sa kanyang mga kontribusyon sa panitikan mula 1929. Binanggit sa pagkilala na bilang isang patnugot, si del Mundo ay nakatulong sa pagsisimula ng karera ng maraming manunulat na kalaunan ay mga naging bantog na makata, kuwentista, nobelista, at mandudula. Ang nasabing parangal ay kasalukuyang matatagpuan sa Clodualdo del Mundo, Sr. Collection ng aklatan ng Pamantasan ng De La Salle-Maynila.

#### *Pagkilala sa mga Manunulat na Pilipino*

Sa kaniyang artikulong pinamagatang “Ang Mga Gantimpala’y Palatandaang Ang Tao Ay Umuunlad,” ipinahayag ni del Mundo na hindi na kailangan pang magdaos ng mga kompetisyon sa Pilipinas para sa mga akdang nasusulat sa wikang Ingles (“Ang Mga Gantimpala” walang pahinasyon). Dagdag pa niya, matagal nang mayabong ang wikang Ingles salamat sa mga dakilang manunulat gaya nina William Faulkner, Ezra Pound, Dylan Thomas, Joseph Conrad, at iba pa. Saad pa ni del Mundo, wala nang maiaambag pa ang mga Pilipinong manunulat sa pagpapaunlad sa wikang Ingles.

Hinikayat niya ang mga organisador ng mga kompetisyong pampanitikan na ituon ang kanilang pansin sa mga akdang nasusulat sa pambansang wika sapagkat kailangan pa itong paunlarin. “Sa ganang amin, hindi sana magiging kakatwa ang kalagayan ng anumang gantimpalang pampanitikan, kung sa ating wika lamang natin ginagawa, sapagka’t mayroon naman tayong wikang pambansa. Hindi ba ang layon nati’y mapaunlad ang ating wikang sarili?” paliwanag

ni del Mundo (“Ang Mga Gantimpala” walang pahinasyon).

Pangangatwiran pa niya, wala nang dapat tanong pa kung ano ang wikang dapat gamitin ng mga Pilipinong manunulat. Gayunman, mahalaga pa ring matutuhan ng mga Pilipinong manunulat ang Ingles upang maisalin nila ang kanilang mga akda na siyang magiging daan upang mas makilala sila sa daigdig.

“Ito sana ang ibig naming imungkahi sa lahat ng nagkakaloob ng mga Gantimpalang Pampanitikan. Ang paggagawad ng hatol ng mga inampalan ay maaaring tama o mali—nguni’t iisang bagay ang mahalaga na sa ganitong mga gantimpala ay mapatutunayan ng bawa’t tao ng iba’t ibang lahi na sila’y umuunlad, at higit na nagiging makatao habang tumatanda ang daigdig,” pagtatapos ni del Mundo (“Ang Mga Gantimpala” walang pahinasyon).

### *Si Lope K. Santos*

May tatlong sanaysay si del Mundo tungkol kay Lope K. Santos, ang kinikilalang “Ama ng Gramatikang Tagalog” at may-akda ng nobelang *Banaag at Sikat*, sa kaniyang aklat na *Mula sa Parolang Ginto*.

Ang una sa tatlong ito ay tumalakay sa legasiya ni Santos bilang isang nobelista (C. del Mundo, “Lope K. Santos: Nobelista” 45–48). Dito, ipinaliwanag ni del Mundo na karapat-dapat si Santos na tawaging “Ama ng mga Nobelang Pilipino” dahil sa akda niyang *Salawahang Pag-ibig* na nailathala bilang isang serye noong dekada 1900.

Tinalakay rin ni del Mundo ang *Banaag at Sikat*, na nalimbag noong 1906. Ayon sa kaniya, ang nobelang iyon ay nagpapakita ng iba’t ibang aspekto ng sangkatauhan gaya ng espiritalidad, lakas ng pananampalataya, pagmamalasakit, pagkamagino, at iba pang mga magandang katangian. “Ang paksa nito’y malawak at masaklaw nang lampas sa kanyang kapanahunan, mapagmungkahi, at nagkakatinig sa budhi ng kanyang mga kababayan. Ang bisa’y buo at pangmatagalan, makabuluhan, at pangkalahatan, at ang halaga’y tunay na mataas na ang uri,” saad ni del Mundo (“Lope K. Santos: Nobelista” 45–48).

Ikinumpara rin ni del Mundo ang *Banaag at Sikat* sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal pati na sa *Florante at Laura* ni Francisco Baltazar. Ayon sa kaniya, ang apat na akdang nabanggit ay may iisang katangian: ang matapat na pagkakalarawan sa isang kapanahunan ng ating bayan, ang pagkakalikha

ng mga tauhang namumukod sa pagkakaroon ng matitibay na kapaniwalaang kanilang pinaninindigan, at pamamandila ng mga simulaing kasinatay ng katotohanang hindi mapapawi sa alin mang panahon at sa alin mang bayan. “Ang pagkanobelista ni Lope K. Santos ay isa sa mga dahilan kung bakit siya’y magiging walang kamatayan sa panulatang Pilipino,” argumento ni del Mundo (“Lope K. Santos: Nobelista” 45–48).

Sa kaniya namang sanaysay na “Si Lope K. Santos At Ang Damdaming Makabayan,” pinagtuunan ng pansin ni del Mundo ang pagiging makabansa ni Santos (“Si Lope K. Santos” 88–90). Ayon sa kaniya, matibay ang paniniwala ni Santos na “ang pagmamahal sa wika, ay katumbas ng pagmamahal sa bayan” (“Si Lope K. Santos” 88). Sinabi rin niya na binuo ni Santos ang “Balarila ng Wikang Pambansa” upang magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang pambansang wika. “Ang naging puhunan (niya) ay pawis, dugo, at luha, at kaya lamang naitaguyod ay dahil sa makapangyarihang damdaming makabayang nagsilbing suhay niya sa lahat,” saad ni del Mundo (“Si Lope K. Santos” 89). Binanggit ni del Mundo na bagaman nakapaglingkod sa bansa si Santos sa bilang isang lider-manggagawa, tagapagtaguyod ng kalayaan, at senador, ang kaniyang adbokasiya para sa pagtataguyod ng pambansang wika ang kaniyang pinakamahalagang kontribusyon.

“Panahon lamang ang makapaggagawad ng tumpak na kahalagahan ng naging buhay ng isang nilalang, nguni’t kung uuriin ang buhay ni Lope K. Santos sa liwanag ng kanyang mga pagsasakit sa kapakanan ng sariling wika, ay masasabi natin ngayon pa, na ang kanyang kadakilaan ay kapantay ng kay Francisco (Balagtas) Baltazar, kung hindi man nakahihigit pa,” pagwawakas ni del Mundo (“Si Lope K. Santos” 90).

Sa kaniyang ikatlo at huling sanaysay tungkol kay Lope K. Santos na kasama sa aklat niyang *Mula Sa Parolang Ginto*, binigyang pansin ni del Mundo ang mga huling habilin ng manunulat base sa kanilang mga naging pag-uusap. Pumanaw si Santos noong 1963 (C. del Mundo, “Mga Huling Habilin” 91–97).

Ayon kay del Mundo, bukas si “Mang Openg” sa paghahalo ng wikang dayuhan sa ating wika “sapagka’t talos niyang ito’y palatandaan ng pag-unlad ng isang wika” ngunit idiniin niya ang paniniwala ni Santos na ang paggamit o panghihiram-wika ay dapat pumailalim sa mga tuntuning nasasaklaw rin ng ilang panuntunang mababasa sa kaniyang “Balarila ng Wikang Pambansa.”

Ibinilin rin umano ni Santos na sana ay may makapagsulat ng karugtong o *sequel* ng kaniyang nobelang *Banaag at Sikat*, lalo na mula sa kaniyang mga kasamahan sa organisasyong Taliba ng Inang Wika o TANIW. “Mabisang paglalarawan ng mga tauhan, matatag na paghawak ng paksa, at mabisang paggamit ng mga salita—iyan ay mga katangiang dapat taglayin ng sinumang manunulat na mangangahas na sudlungan ang ‘Banaag at Sikat,’ ayon kay del Mundo (“Mga Huling Habilin” 96). “Ang sinumang manunulat na mangangahas na magsudlong ng isa pang aklat sa ‘Banaag at Sikat’ ay dapat maging mulat na manunulat, na sumusubaybay sa matuling takbo hindi lamang ng panitikang Tagalog, kundi maging ng panitikan ng ibang bansa,” dagdag pa ni del Mundo (“Mga Huling Habilin” 97).

### *Pagtuturo ng Panitikan*

Sa kaniyang artikulong pinamagatang “Pagtuturo Ng Panitikang Pilipino,” ipinaliwanag ni del Mundo na ang asignatura ay mainam na hatiin sa anim na yugtong pangkasaysayan ( “Pagtuturo” 132–134). Ang unang bahagi ay ang “Panahon bago nagsidating ang mga Kastila.” Bagaman aminado siyang kakaunti ang batis ng impormasyon tungkol sa panahong ito, sinabi niyang maaaring magsimula sa pamamagitan ng pagsasaliksik tungkol sa *tagulaylay* na inaawit kapag may patay, ang batas ni Kalantiyaw, at mga tekstong posibleng dala ng grupo ni Datu Puti. Dagdag pa niya, ang mga pag-aaral ng mga iskolar gaya ni Henry Otley Beyer at Jaime De Veyra ay maaaring makadagdag sa kaalaman tungkol sa panahong iyon.

Ang ikalawang bahagi naman aniya ay mula 1700s hanggang 1800s kung kailan ang bansa ay sakop ng mga Kastila at kung saan ang “awit at korido” ay nasa ruok ng kasikatan dahil sa impluwensiya ng panitikan mula sa Europa. Binanggit ni del Mundo ang “Urbana at Felisa” ni Padre Modesto de Castro na kaniyang inilarawan bilang isa sa mga pinakamahasay na akda mula sa panahong ito lalo pa at sinasalamin nito ang mga tradisyon at kaugalian noon.

Ang ikatlong yugto ng panitikang Pilipino, ayon kay del Mundo, ay ang panahon ng mga makabayang manunulat noong huling bahagi ng ika-19 na siglo. Kasama rito ang mga akda nina Jose Rizal, Marcelo del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Andres Bonifacio, at Emilio Jacinto. Partikular na binigyang pansin ni del Mundo ang “Dilim at Liwanag” ni Jacinto.

Ang ikaapat na yugto ng panitikang Pilipino para kay del Mundo ay tumutukoy sa unang dalawampung taon ng ika-20 siglo. Binanggit niya sina Lope K. Santos, Valeriano Hernandez Peña, Julian Cruz Balmaceda, Iñigo Ed. Regalado, Faustino Aguilar, Godofredo Herrera, at Francisco Lacsamana bilang mga produkto ng panahong ito.

Panglimang yugto naman ang panahon kung kailan naitatag ang samahang Ilaw at Panitik. Paliwanag ni del Mundo, marami sa mga akdang nagawa sa panahong ito ay nalathala sa mga pahayagan at magasin. Binanggit niya sina Jose Esperanza Cruz, Severino Reyes, Carlos Ronquillo, Deogracias A. Rosario, Rosalia L. Aguinaldo, Filomena Alcanar, Hilaria Labog, Carmen Herera, Arsenio Antonio, Teodoro E. Gener, Jose N. Sevilla, Cirio H. Panganiban, Amado V. Hernandez, Jose Corazon de Jesus, Domingo Raymundo, at Jesus S. Esguerra bilang mga produkto ng panahong ito.

Sa panghuli, inilarawan ni del Mundo ang mga taon mula 1925 hanggang sa dekada ’70 bilang panahon ng “Panitikan” at mga manunulat na pampaaralan. Inilista niya sina Teodoro A. Agoncillo, Alejandro G. Abadilla, Antonio B. L. Rosales, Brigidio C. Batungbakal, Macario G. Pineda, Serafin C. Guinigundo, Liwayway A. Arceo, Genoveva Edroza, Mar S. Torres, Pedro S. Dandan, Ben Medina Jr., P. B. Peralta Pineda, at Gemiliano Pineda bilang mga pangunahing manunulat sa panahong ito.

“Sa pag-aaral ng Panitikang Tagalog ay magiging maayos ang pagsusuri kung makakakuha ng sipi ng sinulat ng bawa’t pangalang binanggit sa bawa’t panahon. Ang bahid ng kapangyarihang nakabakas sa kanilang katha ang mapagkukunan ng naging kalagayan ng Panitikang Tagalog sa bawa’t panahong nabanggit, sapagka’t sila ang bibig na kumakatawan sa kaisipan at karubduban ng kanilang kapanahunan,” pagwawakas ni del Mundo (“Pagtuturo” 134).

## **II – Mga Piling Komentaryo Hinggil sa Kulturang Popular**

### *Ang APEPCOM*

Tinalakay ni del Mundo ang Association of Publishers and Editors of Philippine Comics Magazines o APEPCOM sa kaniyang artikulo na pinamagatang “Ang APEPCOM at ang ating mga Komiks” (“Ang APEPCOM” 4).



Ayon kay del Mundo, pangunahing layunin ng APEPCOM ang mapanatili ang mataas na kalidad ng mga komiks para sa kapakanan ng mga kabataan. Ayon pa sa kaniya, malaki ang impluwensiya ng mga komiks sa pag-aaral ng wika dahil noong panahong iyon ay nasa dalawampu ang komiks na nasa sirkulasyon.

Paliwanag ni del Mundo, ang ideya ng pagkaroon ng sistemang panregulasyon para sa industriya ng komiks ay nagsimula noong administrasyon ng namayapang Pangulong Ramon Magsaysay kung kailan naitag ang Committee on Decency. Kabilang sa grupong ito ang mga taong simbahan, at mga nasa akademya at industriya.

Dagdag pa niya, may sistema na rin ng regulasyon para sa komiks maging sa ibang bansa gaya sa Estados Unidos na ang pamahalaan sa bawat estado ay may kani-kaniyang *comics administrator* na siyang nagpapatupad ng mga alituntunin para sa mga nasabing babasahin.

Sa huli, idiniin ni del Mundo na napakahalagang pangalagaan ang pamantayan ng mga komiks hindi lamang para sa kapakanan ng mga kabataan kundi upang mapanatili ang mataas na kalidad nito dahil ito ay isang plataporma kung saan nagsasanib ang sining ng literatura at pagguhit.

“Kung pinagkakakitaan ang pagsulat ng komiks, walang dahilan upang ito’y hindi sumapit din sa yugtong iyon ng kaganapan upang maituring na isang sangay ng sining,” wika ni del Mundo (“Ang APEPCOM” 4).

### *Impluwensiya ng Radyo*

Sa kaniyang kolum na pinamagatang “Ang Radyo: Aliwan o Propaganda?” na lumabas para sa magasin na *Ang Bansa* noong Disyembre 1957, tinalakay ni del Mundo ang papel ng radyo bilang bantay ng bayan, aliwan, at plataporma para sa propaganda (“Radyo” 10–11).

Sa obserbasyon ni del Mundo, marami pang kailangang baguhin upang mas mapabuti ang paggamit sa radyo bilang plataporma para sa mga propaganda. Inilarawan niya na “sahol na sahol” ang mga patalastas na aniya’y walang orihinalidad sapagkat kinopya lamang mula sa mga patalastas na umeere sa ibang bansa.

Maraming mga ganitong “commercial” na malamang na ang orihinal ay nakasulat sa

Ingles, nguni’t hindi naisalin nang buong katumpakan upang maging madulas basahin at unawain, at nababatay pa sa balarila ng wikang pambansa (C. del Mundo, “Radyo” 10).

Iginiit din ni del Mundo na ang radyo, gaya ng mga pelikula, ay maaaring maging epektibong plataporma para sa pagsulong ng pambansang wika. Sa kabila ng potensiyal na ito, nasasayang umano ang pagkakataon. Ibinigay niyang halimbawa ang mga *soap opera* o drama sa radyo na aniya’y hindi sumusunod sa wastong panuntunan ng pagsusulat at pagsasalita gamit ang pambansang wika.

Ang mga paghahanay sa drama ay hindi namin sinasabing dapat na maging kasingkikinis ng mga nakalathalang nobela, nguni’t hindi naman dapat na maging panlansangan na lamang (C. del Mundo, “Radyo” 10).

Pinuri ni del Mundo ang ilang programa sa radyo na para sa kaniya ay nakatutulong sa kanilang mga tagapakinig gaya ng seryeng *Obra Maestra*, na nagsahimpapawid ng mga akdang sinulat ng mga manunulat mula sa Pilipinas at ibang bansa. Kapansin-pansin lamang na hindi binanggit ni del Mundo na ang ilan sa kaniyang mga akda ay umere sa nasabing palatuntunan. Bilang pangwakas, sinabi ni del Mundo na:

Sa kabuuan, ang ating radyo ay labis na pangkalakal, nauukol sa propaganda at sa kaaliwan ng madla, at kulang na kulang sa tinatawag na tumpak na panlasa, huwag nang banggitin pa ang kasalatan ng sining sa mga sangay na pampanitikan at pangmusika.”

Ang laging inaalagta ay patawanin ang mga tao sa loob ng estudyo, kahit gaanong kalaswa ang kanilang mga pagbibiro at hindi pinapansin ang mga nasusugatang damdaming-bayan na kabilang sa nagsisipakinig (C. del Mundo, “Radyo” 11).

### *Pagpapasigla sa mga Dulang Tagalog*

Nailimbag noong Nobyembre 1959 ang kolum ni del Mundo para sa magasing *Ang Bansa* na pinamagatang “Paano Mapapasigla ang Maiikling Dulang Tagalog?” (“Paano” 10–11). Sa kaniyang artikulo, ipinaliwanag ni del Mundo na ang mga dula ay hindi nakakukuha

ng atensiyon mula sa mga manonood at publikasyon. Dagdag pa niya, maging ang dating popular na mga zarsuela ay bihira nang maitanghal. Bukod sa pagiging mahirap mabuo, may dalawa pang salik na itinuro si del Mundo bilang dahilan ng huminang interes ng mga Pilipino sa mga dula:

Halos walang manunulat na nag-aabuloy ng kanilang bungang-isip na dula sa mga magasin na katulad halimbawa ng panay ang pagsulat ng maiikling kuwento at nobela, na siyang ibinubomba sa mga pasulatan... Maaari rin namang masisi ang mga babasahin rin: hindi nag-uukol ng mga malalaking bayad o gantimpala para sa mga dula upang ito'y mapasigla (C. del Mundo, "Paano" 10).

Iginiit ni del Mundo na kailangang magkaroon ng isang pambansang tanghalang panteatro upang mas magkaroon ng pagkakataon na maitanghal ang dula para sa mga Pilipinong manonood. Hinikayat din niya ang mga manunulat na ikonsidera ang pagsulat ng mas maraming dula:

Malaki ang pananagutan ng mga manunulat sa ikasisigla o ikamamatay ng isang sangay ng panitikan na katulad ng dula. Kung mayroon na tayong nakahandang mabubuting dula, madali na ang pagkilos upang ito'y maitanghal. Ang isa sa mga dahilan ng mabagal na pagkakaroon ng dulang pambansa ay ang kawalan ng dulang maitatanghal (C. del Mundo, "Paano" 11).

#### *Pagsulat para sa Pelikula*

Tinalakay ni del Mundo ang pagsusulat para sa pelikula sa kaniyang kolum na pinamagatang "Ang Ating Mga Kathang Pampelikula" na nalathala sa magasing *Ang Bayan* noong Enero 1960 (C. del Mundo, "Kathang Pampelikula" 4–5). Ayon sa kaniya, ang kahusayan ng pagsulat ng mga iskrip para sa pelikula ay nakasalalay sa abilidad ng mga manunulat na makabuo ng mga epektibong diyalogo ng mga tauhan.

Ayon kay del Mundo, kadalasang may ilang dahilan kung bakit ang orihinal na iskrip para sa isang pelikula ay hindi nasusunod. Una, maaaring napagpasiyahan ng direktor o prodyuser na hindi ito sundin upang makatipid. May mga pagkakataon din kung kailan nakalilimot ang mga aktor at aktres sa kanilang mga

lina. Paliwanag pa niya, kahit ang pinakamahasay na iskrip ay maaaring masira dahil sa mga pagkakataong ito.

Saad ni del Mundo, ang isang epektibong *screenplay* ay bunga ng koordinasyon ng pagpili ng mga naaangkop na salita, pagkilos ng mga aktor at aktres, kawastuhan ng eksena, at epektibong paggamit sa kamera.

Dagdag pa niya, maaaring maging epektibo ang isang eksena kahit walang pag-uusap ang mga karakter. Ipinaliwanag ni del Mundo na ang pagkakaroon ng karanasan sa pagsulat ng mga dulang panradyo ay isang mahusay na paghahanda para sa mga naghahangad na makapagsulat para sa pelikula.

Nakaiinip ang diyalogong magkatulad ang palitan ng nakahanay na mga salita subali't kung sa ibang kaparaanan ay pinagkakawing ang sinasalita ng bawa't tauhan, ang diyalogo ay nagiging kawili-wili at hindi kayayamutan (C. del Mundo, "Kathang Pampelikula" 4).

Kinuwestiyon naman ni del Mundo kung maganda ba ang kalalabasan ng mga iskrip- pampelikula na sinulat ng isang taong siya ring namamahala sa produksiyon ng palabas. Para sa kaniya, hindi maaaring bigyan ng kredito ang isang direktor bilang manunulat kung ang tanging ginawa lang naman niya ay ibahin ang pagkakasunod-sunod ng mga eksena at diyalogo.

Ito ang isang kapintasan ng marami nating direktor—na gayong hindi pa mahuhusay na direktor, ay umaangkin pang sila rin ang manunulat, kaya'y nagkakatusak ang mga pelikulang may 'written and directed by' (C. del Mundo, "Kathang Pampelikula" 5)

Sa kaniyang pangwakas na punto, sinabi pa ni del Mundo ("Kathang Pampelikula" 5):

May malaking pag-asa na ang mga pelikulang Tagalog ay umunlad at magkaroon ng uri—kung ang hahayaan lang sumulat ng mga kathang pampelikula ay mga taal na manunulat, na bukod sa kasanayan sa pagkatha, ay may kaalaman pa sa sining ng pagkuha ng pelikula.

#### *Ang Pelikulang Pilipino*

Sa kaniyang artikulong "Ang Ika-Pitong Sining at Ang Tagasuri," tinalakay ni del Mundo ang mga

pamamaraan upang mapaangat ang kalidad ng pelikulang Pilipino (C. del Mundo, “Ika-Pitong Sining” 61–64). Ayon sa kaniya, ang mga manunuri ng sine ay may dalawang pangunahing responsabilidad: Kung paano mas mapabubuti ang pagkakalikha sa pelikula, at ang pagseseguro na ang mga ito ay hindi lumalabag sa mga pamantayang moral.

Paliwanag ni del Mundo, ang mga pelikula sa Pransiya, Italya, at ibang bansa sa Europa ay hindi na dumadaan sa mahigpit na pagsusuri sapagkat aniya, may paniniwala sa dakong iyon ng daigdig na ang kahingian ng sining ay hindi malilimitahan at hindi ito makalalabag sa mga pamantayang moral. Dagdag pa ni del Mundo, mas binibigyang pansin sa Estados Unidos at bansang Hapon ang mga uri ng pelikulang posibleng kumita ng malaki sa takilya.

Dagdag pa niya, hindi maaaring hindi bigyang pansin ang paggamit ng wika sa pagpapaunlad ng mga pelikula bilang sining sapagkat wika ang nakapaglalarawan sa emosyon ng mga tao. Ayon sa kaniya, maaaring makatulong ang mga batikang manunulat sa pagpapataas ng kalidad ng mga pelikula kung sila ay makikilahok bilang kritiko o tagasuri:

Nguni’t ang tagasuring manunulat ay makatutulong din naman, sapagka’t kung nakararami ang bilang ng mga pelikulang pagtitibayin niya na matataas ang uri ng kasaysayan, sa katagalan, ay ito na ang makapananaig na uring kahahantaran ng madlang manonood (C. del Mundo, “Ika-Pitong Sining” 63).

Iminungkahi ni del Mundo na dapat ikonsidera para sa pagsasapelikula ang mga likha nina Amado V. Hernandez, Fernando L. Samonte, Ben S. Medina, Jr., Lope K. Santos, Faustino Aguilar, Godofredo Herrera, Patricio Mariano, at Valeriano Hernandez Peña. Bilang pangwakas, sinulat ni del Mundo na:

Sa ikatataas ng uri ng Ikapitong Sining ay dapat na pahalagahang higit ang mga alituntuning masining kaysa mga panuntunang pangkaasalan. At napapanahon na rin upang hanapin natin ang kaluluwang Pilipino sa mga kathang isinulat ng mga tunay na Pilipino sa katutubong wika, may simoy ng hanging Silanganin, at may amoy ng lupang kayumanggi (C. del Mundo, “Ika-Pitong Sining” 64).

### *Pagbuo ng Lupong Tagasuri ng mga Aklat*

Sa kaniyang artikulong “Lupong Tagasuri ng mga Aklat,” ipinanukala ni del Mundo na kailangang magkaroon ng isang ahensiya ng pamahalaan na magsusuri sa mga librong galing sa ibang bansa (C. del Mundo, “Lupong Tagasuri” 144–146). Ayon sa kaniya, marami sa mga ito ay naglalaman ng kalaswaan at mga temang mapanganib para sa mga kabataan.

Dagdag ni del Mundo, dahil wala pang pormal na Lupong Tagasuri para sa mga inaangkat na aklat ang bansa, ang responsabilidad na ito ay ginagampanan ng mga opisyal ng Kawanihan ng Aldana o ang Bureau of Customs sa kasalukuyan. Ayon sa kaniya, ang mga opisyal na ito ay walang angkop na kasanayan para sa nasabing tungkulin. Ibinigay niyang halimbawa ang naging desisyon ng ahensiya na harangin ang pagpasok sa bansa ng aklat na *Lady Chatterley’s Lover* ni D. H. Lawrence ng Inglatera. “Si Lawrence ay isa sa mga luwalhating manunulat sa wikang Ingles, na ang mga kathang-isip ay maituturing na nasa mataas na antas ng panitikan,” saad ni del Mundo ( “Lupong Tagasuri” 144).

“Hindi maaaring habang panahon ay ipaubaya na lamang natin ang kapalaran ng bayang mambabasa sa kapritso ng Kawanihan ng Aldana,” katwiran pa niya dahil negatibong maaapektuhan umano nito ang klase ng literatura na mababasa ng mga Pilipino (C. del Mundo, “Lupong Tagasuri” 145).

Ipinaliwanag ni del Mundo na ang pagsesensura ay hindi katanggap-tanggap sa anumang konteksto sapagkat ang mga Pilipinong manunulat ay may mataas na antas ng kalayaan kumpara sa mga manunulat sa ibang bansa. Ang katotohanang ito ay kailangang balansehin sa realidad na malakas ang impluwensiya ng aklat sa mga kabataan.

Kung magkakaroon man ng lupong tagasuri ng mga libro sa bansa, dapat aniya na maging kasapi nito ang mga taong may kaalaman sa larangan ng pagsulat at sa industriya ng mga aklat. Ang kanilang magiging tungkulin ay ang matukoy kung ano ang dapat na edad na pahihintulatang bumili at bumasa sa mga aklat na kanilang susuriin. Inilarawan ito ni del Mundo bilang isang magandang kompromiso:

Ito ay isang paraang makapagpapatili sa ating mga kalayaan, at makapagliligtas naman sa ating mga kabataan laban sa pagkalason ng murang isipan sa maruruming babasahin (C. del Mundo, “Lupong Tagasuri” 146).

Bilang pangwakas, inamin ni del Mundo na ang panukalang ito ay mas madaling sabihin kaysa gawin sapagkat negatibo ang pananaw ng publiko sa idea ng pagsesensura:

Lalong nagkakaroon ng malasakit ang bayang mambabasa upang mabasa ang ipinagbabawal. Kalikasan ng tao, kung ano ang bawal ay siya ang nais! (C. del Mundo, “Lupong Tagasuri” 146)

### *Mga Piling Komentaryo sa mga Isyung Sosyo-Politik*

Ang mga sumusunod na komentaryo sa mga isyung sosyo-politikal ay sinulat ni del Mundo para basahin sa radyo gaya ng sa estasyong DZRH at bilang editorial para sa magasin na *Liwayway*. Ang mga artikulong tatalakayin dito ay galing sa koleksiyon ng pamilya del Mundo na kanilang ibinigay sa Pamantasang De La Salle–Maynila noong 2012. Ang mga makinilyadong manuskrito ay nakaorganisa sa dalawang naka-bookbind na aklat. Ang mga ito ay tinatakdang “Mga Editorial at APEPCOM Code” (CDM Box #4, CDM Folder #0015) at “Mga Editorial sa *Liwayway*” (CDM Box #4, CDM Folder #0016).

Mahalagang banggitin sa puntong ito na ang mga nasabing manuskrito ay walang pahinasyon at petsa. Gayunman, minabuti ng manunulat na ito na magsagawa ng karagdagang pagsasaliksik upang mapatibay ang kontekstong historikal ng mga artikulo.

### *Kolaborasyon*

Sa kaniyang komentaryo na umere noong Hulyo 1949, nagpahayag si del Mundo ng matinding pagtutol sa muling pagbuhay sa isyu ng kolaborasyon lalo pa’t kasagsagan noon ng kampanya para sa halalan ng 1949 (C. del Mundo, “Kolaborasyon” walang pahinasyon). Ang isyu ng kolaborasyon ay ikinakabit sa mga personalidad na diumano’y nakipagtulungan sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Saad ni del Mundo (“Kolaborasyon” walang pahinasyon):

Ano ang dahilan at ito’y kailangan pang muling buhayin? Ano ang matuwid at ang kalansay na laon nang nalasog at naihulog sa hukay ng limot, ay muling ibabangon at ilalantad sa paningin ng madla, at pasiya ng lahat?

Sabi pa ni del Mundo, ang pag-ungkat sa isyu ng kolaborasyon ay hindi makabubuti sa mga Pilipino sapagkat sila ay mas interesado sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa bansa. Para sa kaniya, hindi na dapat pa balikan ang isang isyu na nagdudulot lamang ng pagkakahati-hati ng lipunan. Dagdag pa niya:

Nasa sangang-daan tayo ng pagpapasiya bilang isang bansang may malaking maitutulong sa paglutas ng mga suliranin sa Dulong Silangan. Ito ang dahilan kung bakit kailangang maging lubos ang pagkakaisa ng ating bayan. Ito ang dahilan kung bakit kahit na ang nagdaang suliraning tulad ng kulaburasyon ay hindi na dapat maging sanhi ng pagkakawatak-watak natin (C. del Mundo, “Kolaborasyon” walang pahinasyon).

Hindi nagtagal ay muling binalikan ni del Mundo ang isyu ng kolaborasyon matapos mapaulat ang naging pisikal na pag-atake kay dating Pangulong Jose P. Laurel at sa kaniyang mga tagasuporta habang siya ay nangangampanya sa Cebu (“Laurel” walang pahinasyon).

Matatandaan na itinalagang Pangulo si Laurel ng pamahalaang Hapones noong 1943, kaya siya tinaguriang “*puppet president*.” Si Laurel ay tumakbong Pangulo noong 1949 laban kay Elpidio Quirino. Ayon kay del Mundo, ang karahasan na dinanas ng grupo ni Laurel ay isang pag-atake sa kalayaan sa pamamahayag ng mga Pilipino.

Ang pagyurak sa karapatang ito ay pagyurak na rin ng mga kinauukulang tao hindi sa kanilang kalaban, kundi sa kanila ring mga katutubong karapatan bilang Pilipino (“Laurel” walang pahinasyon).

Kalaunan ay inulit ni del Mundo ang kaniyang panawagan na wakasan na ang diskusyon tungkol sa isyu ng kolaborasyon:

Napakaraming ilang bagay na sukat pag-usapan at pagpasiyahan sa kapakanan ng buong bayan. Layo nga’t minsan pa, aming inulit ang aming paniniwala o kuro hinggil dito: ang kulaburasyon, ang ukol sa mga kulaburator, ay isang isyung patay na, walang dahilan upang pumiling sa ating buhay (C. del Mundo, “Laurel” walang pahinasyon).

### “Red Tagging”

Tinalakay ni del Mundo ang isyu ng “red-tagging” sa kaniyang komentaryo sa DZPI na umere noong Hulyo 27, 1949. Ang kaniyang pokus ay ang sitwasyon ni Propesor Maria Louise Fernandez ng Far Eastern University (C. del Mundo, “Komunista” walang pahinasyon). Nagbigay- babala si del Mundo sa walang habas na pagbabansag sa mga indibidwal bilang “komunista.”

Sabi ni del Mundo, bagaman tama lamang na maging mapagmatyag ang mga Pilipino pagdating sa mga paniniwalang politikal na aniya ay salungat sa demokratikong paraan ng pamumuhay sa bansa, hindi wastong bansagang “komunista” ang sinuman dahil lang sa sila ay may salungat na paninindigan. Aniya, hindi ito ang nararapat sa isang bansang demokratiko.

Inuulit ko, iba ang pag-iingat, at iba naman ang paniniil. Ang pag-iingat ay maka-demokratiko. Ang paniniil ay mala-diktadurya. Walang puwang sa ating bayan ang mga mapaniil sa kapuwa, maging hindi man natin kapanalig at kaisang-damdamin. Iyan ang tunay na diwa ng demokrasya (C. del Mundo, “Komunista” walang pahinasyon).

### “Parity Rights”

Sa kaniyang komentaryong panradyo na “*Dahan-dahan sa Parity Rights*,” hinikayat ni del Mundo ang mga Pilipino na maging maingat sa pagtalakay sa Bell Trade Act na mas kilala bilang “Parity Rights” na nagbigay sa mga kompanya at indibidwal mula sa Estados Unidos ng karapatan na pakinabangan ang likas na yaman ng Pilipinas kapantay ng mga Pilipino (C. del Mundo, “Dahan-dahan” walang pahinasyon).

Kinilala ni del Mundo na negatibo ang opinyon ng karamihan tungkol dito sapagkat masyadong nakalamang ang mga Amerikano. “Halos nakabig na lahat ng mga Amerikano ang mga ari-arian at mga lupaing atin. Sa lahat ng negosyong Pilipino–Amerikano ay naging labis na ganid ang mga komersiyanteng Amerikano,” paglalarawan ni del Mundo (“Dahan-dahan” walang pahinasyon).

Gayunman, iginiit ni del Mundo na mistulang nakalimutan ng mga Pilipino ang isang aspekto ng pandaigdigang kalakalan, at iyan ay ang katotohanan na ang mga bansa ay laging uunahin ang kanilang pansariling interes at hindi ang pagiging sentimental.

Idinagdag pa niya na maging ang Korte Suprema ay nagpasya na legal ang “parity rights.”

“Bagama’t inaasahan na pagkatapos ng “parity rights” ay magsisipasok ang ibang banyagang investor, ito’y hindi naman mangangahulugan na magwawakas na ang mga Amerikano. Kaya’t kung ang dating “kaibigan” ay kapiling pa rin, walang dahilan upang siya’y dulutan ng sama ng loob,” sabi ni del Mundo (“Dahan-dahan” walang pahinasyon).

### *Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1970–1973*

Kapansin-pansin na madalas naging tema ng mga editoryal ni del Mundo para sa *Liwayway* ang naganap na Kumbensiyong Konstitusyonal o Constitutional Convention (CONCON) mula 1970 hanggang 1973.

Makikita na suportado ni del Mundo ang inisyatiba para mapalitan ang Konstitusyon ng 1935. Sa kaniyang editoryal na pinamagatang “Con-Con Pa Rin ang Pag-asa,” sinabi niya na may dahilan upang magkaroon ng pag-asa ang mga mamamayan sa CONCON dahil sa marami sa mga delegado ay may karanasan sa paglilingkod sa pamahalaan (“Con-Con” walang pahinasyon). Dagdag pa niya:

Naniniwala kami, sa kabila ng mga nababalitang pagsusugal at pambababae, ng malimit na pagliban sa pagdalo sa mga pagpupulong, at labis-labis na paggastos ng salapi ng bayan, na ang mga delegado natin sa Constitutional Convention, sa kaibuturan ng kanilang mga puso ay may matapat pa ring hangarin na malunasan ang maraming sakit ng bayan sa kasalukuyan, na maihanap ng katugunan ang mga problemang kinakaharap nating lahat (C. del Mundo, “Con-Con” walang pahinasyon).

Gayunman, iginiit ni del Mundo ang karapatan ng mga mamamayan na batikusin ang mga kamalian at pagkukulang ng pamahalaan:

Ang pagpuna at pagbubunyag ng mga gawaing di marapat ang esensiya ng isang malayang lipunan na tulad ng sa atin...Iyan naman ang kagandahan ng ating malayang gobyerno na naniniwala sa kalayaan sa pagsasabi ng nasa saloob kahit ng karaniwang taong-bayan (C. del Mundo, “Con-Con” walang pahinasyon).

Mistula iyang naging gabay ni del Mundo sa kaniyang mga naging pagpuna sa CONCON. Isa rito ang editoryal na pinamagatang “Ayaw Humiwalay sa Isipang Anglo-Saxon ang Con-con” kung saan binatikos ni del Mundo ang mga delegado ng CONCON dahil sa hindi nila paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga deliberasyon (“Ayaw Humiwalay” walang pahinasyon).

Binanggit niyang halimbawa na marami ang bumatikos sa delegadong si Enrique Voltaire Garcia II nang simulan niya ang kaniyang talumpati sa mga katagang “Mga Kababayang Delegado.” Tinuligsa ni del Mundo ang pananaw na hindi mauunawaan ang mga miyembro na gumagamit ng Filipino sa kumbensiyon:

Ay napakahirap bang intindihin, gayon ang totoo, lahat ng humarap sa bayan, kahit saang dako ng Pilipinas, pag humihingi ng boto ng madla, ay nagsisimula sa salitang ‘Mga Kababayan...’? (C. del Mundo, “Ayaw Humiwalay” walang pahinasyon)

Ayon pa sa kaniya, ang tanging bagay na hindi naiintindihan ng mga delegado ay ang pagiging sarado ng kanilang isipan sa paniniwala nilang dapat nasa Ingles ang mga deliberasyon sapagkat ito ang wikang internasyonal. Sa kaniyang pagwawakas, sinabi ni del Mundo na ang paggamit sa pambansang wika ay hindi nangangahulugang tatalikuran na ng bansa ang wikang Ingles dahil ito ang ating ikalawang wika.

Binatikos din ni del Mundo ang aniya’y imoralidad ng mga delegado sa CONCON pati na ang kanilang pagiging “tuta” ng mga nasa kapangyarihan. Sa kaniyang editoryal na “Tuta na rin kaya ang mga delegado sa CON-CON?” pinuna ni del Mundo ang pagiging sunod-sunuran ng mga delegado sa dikta ng mga pinuno ng kanilang mga partido kahit pa sila ay may sinumpaang tungkulin na dapat maging independiyente (“Tuta” walang pahinasyon). Binanggit din niya ang ulat na nasusuhulan ang boto ng maraming delegado.

Ito ay tungkol sa rebelasyon ng delegadong si Eduardo Quintero ng Leyte na siya at ang iba pang delegado ay nakatanggap ng sobrang naglalaman ng hanggang sa PhP11,500 bilang suhol. Inilahad ni Quintero na ang utak sa suhulang iyon ay ang noo’y Unang Ginang Imelda Marcos. Layunin ni Gng. Marcos na pigilan ang mga delegado sa pag-apruba ng anumang probisyon na haharang sa kaniyang

asawang si Ferdinand Marcos na manatili sa posisyon kahit matatapos na ang kaniyang ikalawa at dapat sana’y huling termino bilang Pangulo pagsapit ng 1973. “Kung ang paninindigan ng mga delegado sa Kumbensiyong Kostitusyonal ay maaaring “bilhin,” ano pang pag-asa ang nalalabi para sa ating bayan?” saad ni del Mundo.

Maliban sa editoryal tungkol sa paglalahad ni Quintero, nagsulat din si del Mundo ng artikulong pinamagatang “Imoralidad sa Kumbensyon.” Aniya, may mga ulat na nagsasabing ang mga delegado ng CONCON ay nambababae at nagsusugal sa kanilang mga silid na tinutuluyan kahit pa may nagaganap na sesyon. Dahil sa hindi pagdalo ng maraming delegado sa mga deliberasyon ay hindi nagkakaroon ng *quorum* na siyang nagpapabagal sa daloy ng kumbensiyon (C. del Mundo, “Imoralidad” walang pahina).

Ayon kay del Mundo, dapat magkaroon ng mas mataas na pamantayang moral ang mga bumubuo sa panukalang Saligang Batas kaysa mga mambabatas at tipikal na pulitiko:

Kapag ang imahen ng Kumbensiyon ay hindi nabago sa mga huling araw na nalalabi pa, ay malamang na mauwi sa wala ang kanilang gawain, sapagka’t hindi mapaniniwalaan ng bayan na ang Konstitusyong ginagawa nila’y higit na mabuti kaysa ating saligang-batas sa ngayon (C. del Mundo, “Imoralidad” walang pahinasyon).

Sa kabila ng kaniyang mga kritisismo, may mga aspekto pa rin ng CONCON na pinuri ni del Mundo. Kabilang na rito ang mga probisyon tungkol sa pagpapababa ng edad para makaboto at pagpapatupad ng parusang kamatayan.

#### *Responsableng Pagboto*

Sa kaniyang editoryal na pinamagatang “Bumoto nang Buong Katapatan,” binatikos ni del Mundo ang mga “*flying voter*” o yung mga botanteng bumoboto nang higit sa isang beses pati na ang mga Pilipinong nagsasagawa ng “*block voting*” na tanging ang mga kandidato galing sa isang partido lamang ang pinipili (“Bumoto” walang pahinasyon). Kinastigo rin ni del Mundo ang mga pulitikong aniya ay nag-uudyok sa mga botanteng gawin ang mga kamaliang ito. Aniya, mistulang nauuna pa ang kapakanan ng mga kandidato kaysa kabutihan ng bansa. Paliwanag pa niya:

Tila mandin ang mga pulitiko ay nakahihigit sa mga estadista at sa mga lehislador sapagka't sila na mismo ang nagbubuyo sa mga mamamayan na gumawa ng di marapat. Sa kabila nga ng mga pagsusumikap na maging sagrado ang karapatang makaboto ay hinahadlangan ng iba't ibang kapakanan—kapakanan ng mga kandidato at kapakanan ng bumoboto. Ang nalilimot ay ang kapakanan ng bayan (C. del Mundo, "Bumoto" walang pahinasyon).

Sa pagtatapos ng artikulo, umapela si del Mundo sa mga botanteng huwag magpauto sa mga pulitikong nag-uudyok sa kanilang gumawa ng mali tuwing halalan. Aniya, sa pagdedesisyon kung sino ang dapat iboto, dapat tingnan ng mga Pilipino ang kuwalipikasyon ng mga kandidato, pati na ang kanilang karakter, prinsipyo, at mga nagawa habang sila ay nasa puwesto.

Dagdag pa niya: "Sana'y maging matiim sa isipan ng manghahalal na sa bawa't boto ng mamamayan, ay isang tinik na nakaduro sa naghihirap na bayan ang kanyang mabubunot."

Muling tinalakay ni del Mundo ang isyu ng responsableng pagboto sa kaniyang editoryal na "Isipin ang Kabutihan ng Bayan sa Pagboto" (C. del Mundo, "Isipin" walang pahinasyon). Muli niyang pinaalalahanan ang mga botante na walang sinuman ang maaaring magdikta sa kanila kung sino ang dapat nilang iboto. Ayon sa kaniya, ang pagboto sa halalan ay importante sapagkat isa itong pamamaraan upang malunasan ang mga suliranin gaya ng korupsiyon at kahirapan. Dagdag pa niya: "Ang ikatutupad o ikabibigo ng lahat nang iyan ay nasa bawa't mamamayan, mula sa malalaki hanggang sa kaliit-liitang mamamayan."

### *Parusang Kamatayan*

Sa kaniyang editoryal na pinamagatang "Ang Capital Punishment sa Con-Con," ipinahayag ni del Mundo ang kaniyang buong suporta sa patuloy na pagpapatupad ng parusang kamatayan sa bansa ("Capital Punishment" walang pahinasyon).

Ayon kay del Mundo, ito ay nararapat dahil sa laganap na kriminalidad sa bansa noong panahong iyon. Paliwanag niya, ang pagkakaroon ng parusang kamatayan ay mabisang pampigil sa mga kriminal at kung ito'y mawawala ay lalo silang magkakaroon ng lakas ng loob. Ibinigay na halimbawa ni del Mundo ang sitwasyon sa Estados Unidos na may mga gobernador na nagpatupad muli ng parusang kamatayan bilang

tugon sa lumalalang kriminalalidad sa kanilang mga hurisdiksiyon. Dagdag pa niya:

Natutumpak lamang na sa isang panahon ng napakaraming krimen ay itapat natin ang isang parusang tanging pangingilagan nila. Kung wala nang "capital punishment" ay wala nang katatakutan ang mga kriminal (C. del Mundo, "Capital Punishment" walang pahinasyon).

Muli siyang nagpahayag ng suporta para sa parusang kamatayan sa kaniyang editoryal na pinamagatang "Silya Elektriha sa mga Sugapa sa Kasamaan." Dito, hinamon niya ang mga tutol sa parusang kamatayan dahil sa paniniwalang hindi ito makatao. "Makatao ba ang karamihang pagkakasalang ginagawa ng mga kriminal?" (C. del Mundo, "Silya Elektriha" walang pahina).

Pinatungkulan ni del Mundo ang pananamantalang dinanas ng popular na aktres na si Maggie dela Riva na ang tatlong napatunayang may sala ay naparusahan ng kamatayan sa pamamagitan ng silya-elektriha ("People of the Philippines vs. Gomez, et al.").

"Anong uri ng kahunghungan ang ginawa ng tatlong matatanda at malulusog na lalaki? Kahinaan ng tao? Pagkalimot ng saglit sa kagandahang-asal? Sapagka't sila'y tao lamang?" saad ni del Mundo. Dagdag pa niya, bagaman hindi siya kumbinsido sa konsepto ng "mata-sa-mata" at "ngipin-sa-ngipin" na implementasyon ng batas, nararapat lamang ang matinding kaparusahan para sa mga mapatutunayang nagsagawa ng karumal-dumal na krimen.

### *Ang Kabataang Pilipino*

May mga editoryal ding isinulat si del Mundo tungkol sa mga kabataang Pilipino sa konteksto ng laganap na aktibismo at First Quarter Storm sa pagbubukas ng dekada '70. Naging aktibo ang mga samahan gaya ng National Union of Students in the Philippines sa paglulunsad ng mga kilos protesta laban kay Marcos (Lacaba, "The January 26 Confrontation").

Sa kaniyang artikulong pinamagatang "Talagang Iba na ang Panahon," binigyang pansin ni del Mundo ang pagkakaiba ng mga henerasyon na aniya'y hindi naman talaga maiiwasan ("Talagang Iba" walang pahinasyon). Gayunman, masasabing mas pabor siya sa pamamaraang ginamit ng mga kabataan mula sa naunang henerasyon:

Noong ibang panahon hindi pa katagalan, mayroon din namang tinatamang mga kalayaan noon ang kabataan (na ngayo'y matatanda na). Nguni't hindi sila mabagsik sa pagpapahayag, hindi sila walang habas sa pagsasalita, at mayroon silang kalangkap na paggalang na kasabay ng kanilang ipinakikipaglaban. Ang malaking kaibhan ay nariyan: sa marubdob at marahas na pagpapahayag, at sa malamig at mahinahong pamamaraan (C. del Mundo, "Talagang Iba" walang pahinasyon).

Sa kabila nito, ipinaliwanag ni del Mundo na ang bawat henerasyon ay konektado sa isa't isa at ang pamamaraan nila ng pagtugon sa kanilang mga pagkakaiba ang siyang magtatakda kung may pagsulong bang nagaganap. Aniya, ang mga kabataan ng dekada '70 ay makapagsasabing progresibo sila sapagkat kritikal ang kanilang pagtingin sa mga pagkakamaling nagawa at naipasa ng nagdaang henerasyon. Dagdag pa niya:

Sinasabi pa nga ng mga kabataan, ang panahong ito'y hindi siyang ginusto namin. Ang panahong ito'y nayari o nalikha PARA sa amin, nguni't hindi siyang GUSTO namin. Ito ang panahong ipinagduldulan sa amin. Ito ang panahong ginawa ng mga pagkakamali, mga pag-aalinlangan, mga pagsasabwatan, mga pag-iirangan, mga pagkauhaw sa kapangyarihan, mga pagkagahaman sa laman, mga pagkasugapa sa bisyo, at mga pang-aapi sa maliliit ng malalaki ("Talagang Iba" walang pahinasyon).

Sa kaniyang editoryal na "*Reporma o Rebolusyon?*" binalaan ni del Mundo ang publiko tungkol sa tunay na motibo ng mga organisasyon ng kabataan na naglabasan noong dekada '70 ("*Reporma*," walang pahinasyon). "Naniniwala kami na ang mga tunay na kabataang lider ay para sa repormasyon lamang, at hindi sa rebolusyon," ayon kay del Mundo ("*Reporma*" walang pahinasyon).

Dagdag pa niya, bagaman may karapatan ang pamahalaan na ipagtanggol ang sarili nito laban sa mga naghahangad ng rebolusyon, walang ilegal sa paghinggi ng reporma mula sa pamahalaan na isinasagawa ng ilang grupong progresibo:

Kung gagamitin ng ating pamahalaan ang lehitimong karapatan nitong mapangalagaan ang ating demokratikong pamamaraan ng buhay sa pag-uusig lamang sa mga samahang pangkabataan, ito'y isang pagmamalabis at pagkiling sa pasismo ("*Reporma*" walang pahinasyon).

Sa kaniyang editoryal na "May Pag-asa pa sa Pagboto ang Kabataan," nagpahayag si del Mundo ng suporta sa panukalang ibaba ang edad ng pagboto mula 21 patungong 18 na isinusulong sa CONCON ("*May Pag-asa*" walang pahinasyon). Binanggit niyang hindi tumutol ang Korte Suprema sa mungkahing ito kaya karapat-dapat lamang na tumalima at igalang ito ng lahat.

Sa artikulong "Narcotics: Banta sa Kabataan ng Bansa" naman ay pinagtuunan ng pansin ni del Mundo ang banta sa kabataan ng ilegal na droga partikular na ang opium at heroin ("*Narcotics*" walang pahinasyon).

Ipinaliwanag niyang napasok na ng mga nagtutulak ng ilegal na droga ang maraming paaralan sa bansa, kabilang na ang mga nasa Lungsod ng Maynila at Lungsod Quezon. Sinabi niyang ang problema ay laganap sa buong mundo lalo sa Asya. Umapela siya ng agarang aksiyon para malabanan ang suliraning ito:

Napakaraming problema ang kabataan upang maparagdag pa ang tungkol sa narcotics. Dapat magtulong-tulong ang pamahalaan at ang paaralan at ang mga magulang upang ang tagapagwasak na ito ng kinabukasan ng kabataan ay malunasan at masugpo (C. del Mundo, "Narcotics" walang pahinasyon).

Sa kaniya namang editoryal na pinamagatang "Walang Kinabukasan ang mga Estudyante Natin," nagbabala si del Mundo na nanganganib ang kinabukasan ng mga kabataang Pilipino dahil sa depektibong sistema ng edukasyon sa bansa ("*Walang Kinabukasan*" walang pahinasyon). Ayon pa sa kaniya, hindi malabong walang makuhang trabaho ang marami sa mga kabataan at baka magpalaboy-laboy na lamang sa kalsada bandang huli. Samantala, ang ilan naman ay baka makahanap nga ng trabaho pero ito naman ay walang kaugnayan sa kanilang pinag-aralan at kasanayan.

Saad ni del Mundo, may tatlong salik kung bakit ito nangyayari. Una, sa halip na bigyan ng mas malaking pondo para sa edukasyon, mas pinaglalaanan ng pera



ng pamahalaan ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Pangalawa ay ang mga paaralan na aniya'y hindi iniisip ang kinabukasan ng mga estudyanteng nag-aaral sa kanila dahil sa introduksiyon ng mga asignaturang hindi naman kapakipakinabang. Panghuli, nabanggit ni del Mundo na tanging ang mayayaman lamang ang may kakayahang makamit ang de-kalidad na edukasyon at hindi ang mahihirap.

Ayon pa kay del Mundo (“Walang Kinabukasan” walang pahinasyon): “Kailangang kumilos ng puspusan ang gobyerno alang-alang sa kinabukasan ng mga kabataan na sa ngayon ay madilim. Marami raw ang mga reporma sa edukasyon na mabubuti naman, ngunit walang magawang implementasyon sapagka’t hindi kasama sa badyet ang gobyerno. Dapat na ito ang unahin ng ating pamahalaan: hindi ang militarism, hindi ang pulitiko, at hindi ang ‘foreign affairs.’”

#### *Katarungang Panlipunan*

Si del Mundo ay nagsulat din ng ilang artikulo na tumalakay sa isyu ng kahirapan. Sinimulan niya ang kaniyang artikulong pinamagatang “Ari-ariang Panlahat at Pagpapabahay” sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa problema ng konsentrasyon ng yaman sa kamay ng iilang tao sa isang banda, habang napakarami ang halos walang-wala (“Ari-arian” walang pahinasyon). “Walang bayang nakalugmok sa paghihirap ang magkakaroon ng katiwasayan. Ang pagdaraop ay matabang na lupang punlaan ng diskontento at rebolusyon,” babala ni del Mundo (“Ari-arian” walang pahinasyon).

Iminungkahi ni del Mundo na nararapat magkaroon ang pamahalaan ng programang pabahay at ng isang sistema na maaari nitong bigyan ng tulong-pinansiyal ang mga taong nais bumili ng sariling tahanan. “Ang mga paluwal sa pagpapabahay ay dapat balangkasing mabuti upang matupad ang paglalaan ng bahay na masisilungan ng baw’t indibidwal na hindi maaaring kakalat-kalat na lamang sa lansangan, umaraw at umulan,” ani del Mundo (“Ari-arian” walang pahinasyon).

Sa kaniya namang editoryal na pinamagatang “Lunasan ang Inhustisya,” idiniin ni del Mundo na dapat pantay sa mata ng hustisya ang mahihirap at mayayaman (“Lunasan” walang pahinasyon). Ayon sa kaniya, makikita ang kawalan ng hustisya sa napakaraming kaso. “Ang maling hatol kaipala’y hindi maiiwasan, nguni’t dapat ding magkaroon ng

kaunting kasiyahan ang naging biktima ng inhustisya. Sa kabilang dako, ang hustisyang napipigil, ay hustisyang ipinagkakait,” paliwanag niya (C. del Mundo, “Lunasan” walang pahinasyon).

Binanggit din niya na mas malaki ang posibilidad na makulong ang mahihirap dahil sila ang kadalasang naaakusahan ng krimen sa sistema ng hustisya ng bansa. Kabilang sa mga reporma na kaniyang ipinanawagan ay ang hindi pagtanggap ng mga hukuman sa mga dokumento at testimonya na nakuha sa pamamagitan ng karahasan at sapilitang pagpapaamin.

“Kinakailangan pa rin ang proteksiyon ng mamamayan laban sa mga makabagong taktiko ng pagpapahirap at pagpapaamin ng mga pulis sa anumang bagay,” paliwanag ni del Mundo. Nanawagan din siya sa mga delegado sa Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971 na gumawa ng mga hakbang para mapalakas ang mga karapatang sibil ng mga tao.

#### *Kahandaan sa Kalamidad*

Maraming editoryal na nasulat si del Mundo kaugnay ng kakulangan ng pamahalaan sa aspekto ng paghahanda sa mga sakuna at kalamidad. Sa kaniyang editoryal na “Ang Gobyerno at ang Kalamidad na Pambansa,” pinuna ni del Mundo ang kawalan ng sapat na tugon mula sa mga politiko sa tuwing may mga sakuna sa kabila ng pangako nila noong nangangampanya na gagawin nila ang lahat para sa taumbayan (“Ang Gobyerno” walang pahinasyon).

“Sa pambansang kalamidad na kamakaila’y dumalaw sa atin dahil sa bagyo at sa “monsoon rains” na walang tantan ang buhos—walang gobyerno, walang nailagay sa puwesto, na hindi mayroong tuwirang pananagutan sa kanilang kapabayaan,” ani del Mundo (“Ang Gobyerno” walang pahinasyon). Binatikos din niya ang mga ahensiya ng pamahalaan na may kinalaman sa pagtugon sa mga sakuna dahil sa kawalan nila ng koordinasyon. Nauna pang dumating ang ayuda mula sa mga lokal at internasyonal na organisasyong sibiko.

“Kaya nga lamang kami napipilitang tawagan at katukin ang damdaming ng mga nasa gobyerno ay dahil sa mga “past performances” nila sa panahon ng kalamidad, na gayon pa rin magpahanggang ngayon. Walang unlad. Baka kung lalong malaking disastro ang bumagsak sa ating bayan ay tuluyan na tayong mapawi sa mapa ng daigdig,” babala ni del Mundo (“Ang Gobyerno” walang pahinasyon).

Sa kaniya namang editoryal na “Pag-isahin ang mga Ahensiya Para sa Kalamidad,” idiniin ni del Mundo na kailangang may isang ahensiya ng pamahalaan na mamamahala sa pagtugon nito sa mga kalamidad. Aniya, ito ay upang masiguro na lahat ng komunidad na apektado ng mga sakuna ay makatatanggap ng ayuda sa lalong madaling panahon.

“Kulang sa koordinasyon. Isa’t isa’y nagsasaklawan, nag-uunahan, nagpapaligasahan. Na, para bagang ang pagtulong sa mga biktima ay ginagawa sa kapakanan ng isang pulitikong kandidato sa isang mataas na katungkulan. Para bagang ang pamamahagi ng mga biyaya sa mga naghihirap ay kautangan sa isang ahensiya ng gobyerno, o isang samahang sibiko, na kailangang makilala at kilalanin,” giit ni del Mundo (“Pag-isahin” walang pahinasyon).

“Kung iisipin lamang na walang pagkakaiba ang kanilang gustong gawin, na daluhan sa sandali ng pagkalugami ang isang kapatid na nasawing-palad, bakit magiging mahirap ang magsanib-sanib ng lakas? Pag-isahin natin ang ating mga lakas upang maitindig ang buong bayan, anumang kalamidad ang dumating sa ating buhay bilang isang bansa,” dagdag pa ni del Mundo (“Pag-isahin” walang pahinasyon).

Sa ilan pang editoryal ay muling hinikayat ni del Mundo ang pamahalaan na pag-ibayuhin pa ang paghahanda sa mga kalamidad at maging sa mga epidemya. Sa kaniyang artikulo na “Humanda Kaagad sa Bagyo,” binatikos ni del Mundo ang mga mambabatas dahil sa kanilang kawalan ng aksiyon kahit na taon-taon tinatamaan ang bansa ng mga mapaminsalang bagyo (“Humanda,” walang pahinasyon). Una na rito ang pagbibigay ng mas malaking pondo para sa Weather Bureau upang ito ay makabili ng makabagong kagamitan na mahalaga upang mabigyan ang publiko, lalo ang mahihirap, ng mas maagang babala hinggil sa mga bagyo.

Muling binanggit ni del Mundo na dapat magkaroon ng disentang pabahay para sa mahihirap: “Sa ganang amin, lalo ring mahalaga na yaong mga nabibilang sa mga dukha, ay dapat na pagkalooban ng gobyerno ng kanawa-nawang masisilungang bahay na hindi basta matatangay ng humahagibis na hangin at maibubuwal ng nag-aalimpuyong bagyo” (C. del Mundo, “Humanda” walang pahinasyon).

Nagsulat din si del Mundo tungkol sa suliranin ng baha. Sa kaniyang editoryal na “Pambansang Solusyon sa Baha,” iginiit niya na ito ay problema hindi lamang sa Kamaynilaan kundi sa buong bansa. Ayon sa kaniya,

maraming rehiyon sa bansa ang tinatamaan ng mga bagyong pumipinsala sa napakaraming mga tahanan, paaralan, at mga impraestruktura subalit hindi pa rin nalulutas ang pagbabaha (C. del Mundo, “Pambansang Solusyon” walang pahinasyon).

“Tungkol sa implementasyon, ang Bureau of Public Works ay kung ilang taon nang naghahanap ng proyekto laban sa baha, nguni’t dalawampung taon na ang nakalilipas ay walang anumang pagsisikap na maisakatunayan ang mga balak na pinag-aralan,” puna ni del Mundo (“Pambansang Solusyon” walang pahinasyon).

Tinalakay naman ni del Mundo ang kawalan ng kahandaan ng pamahalaan sa mga sakunang pangkalusugan sa kaniyang editoryal na “Naghihintay ba tayo ng Epidemya?” Ayon sa kaniya, mapalad ang Pilipinas dahil lokalizado pa lamang ang nangyayaring pagkalat ng mga sakit at kaya pa itong tugunan ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Philippine National Red Cross (C. del Mundo, “Naghihintay” walang pahinasyon). Gayunman, binatikos niya ang nasabing ahensiya ng pamahalaan dahil mistula umanong naghihintay lamang ito na magkaroon ng epidemya bago kumilos lalo’t paulit-ulit na problema ang naaantalang koleksiyon ng basura sa Greater Manila Area at sa mga lalawigan.

Paliwanag ni del Mundo, ang mga naiipong basura na ito ay tiyak na magiging dahilan ng pagkalat ng iba’t ibang sakit. At bagaman may magagandang panukala tungkol sa *waste management*, nagkakaroon ng problema sa implementasyon ng mga ito. “Kaipala nga, bibilis ang ating mga opisyal, uunahin nila ang mga siyudad, kapag laganap na ang epidemya sa bansa,” puna ni del Mundo (“Naghihintay” walang pahinasyon).

#### *Pagbabago sa Pagbubukas ng Klase at Oras ng Trabaho*

Sa kaniyang editoryal na “School Opening: Putbol ng Pulitika,” pinuna ni del Mundo ang aniya’y impluwensiya ng mga politikal na konsiderasyon sa isyu ng pagbabago sa petsa ng pagbubukas ng taong panuruan. “Para bagang ang tempo ng buhay at ang tibok ng puso ng bayan ay depende sa lagay ng pulitika ng bansa,” ayon kay del Mundo (“School Opening” walang pahinasyon). Pinagtuunan niya ng pansin ang desisyon ng noo’y Kalihim ng Edukasyon Juan Manuel na ilipat ang pagbubukas ng klase mula Hunyo patungong Hulyo kahit walang sapat na konsultasyong

isinagawa tungkol dito.

“Ang naging pasiya ni Sekretaryo Juan Manuel na magpasiya agad bago muna sumangguni sa mga puno ng paaralan, halimbawa, ay kauri ng pagpapasiya ng karaniwang pulitiko na basta’t bumibira nang walang tanung-tanong sa kanyang mga konstituyente,” ayon kay del Mundo (“School Opening” walang pahinasyon).

Dagdag pa niya: “Kung talagang isinaalang-alang ang kapakanang pambayan, bago sana isinagawa ang paghahayag ng pagbabago ng umpisa ng klase, ay tumawag muna ng “public hearing” ng kasasangkutan ng mga guro, mga magulang at mga estudyante mismo, sa isang banda, at sa kabila’y ang mga autoridades ng edukasyon” (“School Opening,” walang pahinasyon).

Isinulong naman ni del Mundo ang pangangailangan na magkaroon ng pleksibilidad ang oras ng trabaho at pagpasok sa paaralan sa kaniyang editoryal na “*Ayusin ang Oras ng Opisina at Eskuwela*.” Katwiran ni del Mundo, habang nag-iisip pa ang mga lider ng bansa ng mga posibleng solusyon sa problema sa trapiko lalo na sa Greater Manila Area, tuloy-tuloy ang nararanasang paghihirap ng mga mamamayan (“Ayusin ang Oras” walang pahinasyon).

Ayon sa kaniya, hindi pa nasusubukan sa bansa noong mga panahong iyon ang pagkakaroon ng magkakaiba o *staggered* na oras ng pagpasok sa mga paaralan at opisina. Dagdag pa niya, ito ang dahilan kung bakit kinakailangang halos sabay-sabay na bumibiyaha ang mga tao dahil upang lumala ang suliranin sa trapiko.

“Malulunasan din ng “staggered-hours” ang madalas na mangyaring “stranded” sa kalsada ang mga “commuters” dahil walang masakyan lalo na kung umuulan. Wala pang plano na nakalunas sa problema ng trapiko; baka ito ang lunas,” paliwanag ni del Mundo (“Ayusin ang Oras” walang pahinasyon).

## KONGKLUSYON

Ang mga naisulat na panunuring pampanitikan at kulturang popular ni del Mundo ay sumasalamin sa kaniyang adbokasiya para sa pagpapaligid ng pambansang wika pati na ang pagpapataas sa kalidad ng sining-popular o “popular art” sa Pilipinas.

Mahalagang maunawaan na hanggang sa kasalukuyang henerasyon ay tuloy pa rin ang iba’t ibang debate sa mga isyung may kaugnayan sa wikang pambansa. Kasunod ng implementasyon ng K plus

12 sa Pilipinas, naglabas ang Commission on Higher Education ng isang kautusan na inalis ang Filipino bilang isa sa mga asignatura na kailangang kunin ng lahat na nasa antas-kolehiyo. Kinatigan ito ng Korte Suprema noong 2019 (Panti). Nitong mga nagdaang taon naman ay magkahiwalay na nagpanukala sina Senador Lito Lapid at Robin Padilla, kapuwa dating artista sa telebisyon at pinilakang tabing, na dapat gamitin ang pambansang wika sa deliberasyon sa Senado (Yang) at maging sa mga anunsiyo para sa publiko (Ramos). Maikokonekta ito sa naging paninindigan ni del Mundo sa kasagsagan ng debate sa Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1970 na dapat gamitin ng mga nasa pamahalaan ang pambansang wika para sila ay mas maunawaan ng publiko.

Isa sa mga pumuri sa legasiya ni del Mundo bilang kritiko ay ang manunulat at historyador na si Teodoro Agoncillo. Sa kaniyang sanaysay na pinamagatang “Pasulyap na Tingin sa Panitikang Tagalog,” sinabi ni Agoncillo na ang pagsusumikap ni del Mundo at ni Alejandro Abadilla na kilalanin ang mga pinakamahusay na nalathalang maikling kuwento ay nakatulong ng malaki sa pagsikat ng nasabing disiplina simula dekada ’30 (“Pasulyap” 244–246):

Maaaring tawaran ang panlasa nina Abadilla at del Mundo, gaya ng ginawa ng marami, lalo na ni Gregorio N. Garcia, sa pagpili ng mga kuwentong inasterikuhan, nguni’t hindi matatawaran ang kanilang mabuting layunin at katapatan sa pagpapasigla sa mga manunulat na malaki ang paghahangad na maibilang sa mga talaan nina Abadilla at del Mundo bilang mabuting kuwentista.

Pagsapit ng 1968 ay natanggap ni del Mundo ang Gantimpalang Pampanguluhan ukol sa Literatura at Nasyonalismo (Presidential Award for Literature and Nationalism) mula sa noo’y Presidente Ferdinand Marcos. Sa nasabing parangal ay kinilala si del Mundo para sa kaniyang mga panunuring pampanitikan at para sa kaniyang pangunguna sa iba’t ibang mga pangkat na nagsusulong sa mga adbokasiyang pangwika.

Malaki rin ang naitulong sa lipunang Pilipino ng mga sinulat na editoryal at komentaryo ni del Mundo tungkol sa mga isyung sosyo-politikal noong siya’y nabubuhay. Matuturing siya na isa sa mga pangunahing pampublikong intelektuwal at “opinion leader” ng kaniyang panahon. Bagaman ang kaniyang mga sinulat ay sumasalamin sa mga nangyari sa Pilipinas

at sa daigdig noon, masasabi na ang kaniyang mga kaisipan sa mahahalagang isyu gaya ng pagkakaroon ng mabuting pamahalaan at responsableng pagboto ay may kabuluhan pa rin hanggang sa kasalukuyan—mahigit apat na dekada mula nang siya ay pumanaw.

Kabilang si del Mundo sa mga nanindigan laban sa basta-basta na lamang na pagtawag sa mga tao na “komunista” sa mga taong sumasalungat sa pamahalaan noong dekada ’50, kung kailan naging mainit ang tunggalian ng Estados Unidos at Soviet Union. Ang “red tagging” na pinagdaanan ng gurong si Propesor Maria Louise Fernandez ng Far Eastern University noong panahong iyon ay nararanasan pa rin hanggang sa ngayon ng mga progresibong organisasyon, mga aktibista, mga guro at tsuper, at iba pa (Bautista). Pitong dekada man ang lumipas, subalit akma pa rin ang paliwanag ni del Mundo na dapat ay walang puwang ang paniniil sa isang bansang demokratiko.

Ang suliranin sa kahirapan na tinalakay ni del Mundo sa kaniyang mga editorial noong dekada ’70 ay hindi pa rin natutugunan hanggang sa ngayon. Sa ulat ng Philippine Statistics Authority nitong Mayo 2023, lumalabas na malala pa rin ang problema ng kawalan ng bahay lalo na sa Kalakhang Maynila at sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (Ordinario) sa kabila ng mga proyekto ng pamahalaan. Gaya rin ng obserbasyon dati ni del Mundo, ang mahihirap pa rin ang mas naaakusahan ng krimen gaya ng pagbebenta at paggamit ng droga (Wells) at mas malamang ay manatili sila nang matagal sa kulungan dahil sa walang kakayahan na makakuha ng abogado.

Mahalaga ring tingnan ang halaga ng mga mungkahi ni del Mundo sa aspekto ng kahandaan ng pamahalaan na tumugon sa mga kalamidad. Ang pandemya ng COVID-19 (*coronavirus disease*) at ang lumalalang krisis sa klima ay malinaw na nagpapakita sa kahinaan ng gobyerno na gawin ang nararapat para sa taumbayan. Noong dekada ’70, binanggit ni del Mundo ang kaniyang obserbasyon na para bang kikilos lamang ang Kagawaran ng Kalusugan kung laganap na ang mga epidemya sa bansa. Maaalala na sa kasagsagan ng COVID-19 ay inulan ng batikos ang pambansang pamahalaan lalo na ang nasabing ahensiya dahil sa naantalang pagbabawal sa pagpasok ng mga biyahero galing Tsina at kalaunan at sa mabagal na distribusyon ng bakuna (Valenzuela).

Ang katumpakan ng kritisismo ni del Mundo tungkol sa mabagal na pamamahagi ng tulong mula sa pamahalaan para sa mga komunidad na nasasalanta ng mga bagyo ay makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa halip na pagbutihin ng gobyerno ang serbisyo nila para sa tao, ang mas idinidiin nila ay ang tinatawag na “resiliency” o katatagan umano ng mga Pilipino (Sison). Mabuti na lamang at sa tulong ng “social media” ay mas madaling naipakakalat ang impormasyon tungkol sa mga lugar na nasalanta ng bagyo na siyang nagbibigay-daan upang agad na makapagpadala ng tulong ang mga pribadong indibidwal at organisasyon kahit pa maantala ang ayuda mula sa administrasyon dahil sa burukrasya (Gregorio).

Sa panayam kay Dr. Clodualdo del Mundo, Jr., ikalawang anak ng namayapang manunulat at kasalukuyang Professor Emeritus sa College of Liberal Arts ng Pamantasang De La Salle-Maynila, nabanggit niya na tunay ngang malaki na ang ipinagbago ng estilo ng pangongomentaryo mula sa henerasyon ng kaniyang ama. Ayon sa kaniya, noon ma’y nagkakapalitan na ng maaanghang na kritisismo ang mga manunulat gaya ng mga kasapi ng Panitikan subalit walang pagmumura at personalan hindi katulad ng sa kasalukuyan. Nabanggit din niya na hindi gaya noong panahon ng kaniyang ama, hindi na gaanong napupuna ang hindi wastong paggamit ng wika sa midya at ng kasalukuyang henerasyon sa pangkalahatan.

Sa malapit na hinaharap, inirerekomenda na dugtungan pa ang pag-aaral na ito lalo na kung may makalalap pang karagdagang nalimbag na artikulo ni del Mundo mula sa mga pahayagan at magasin na lumabas noong dekada ’40 hanggang ’70. Posibleng makahahapan ng mga ganito mula sa koleksiyon ng mga pribadong indibidwal na narito sa Pilipinas at maging sa mga nasa ibayong dagat o kaya ay sa mga pangkat na nasa social media. Inirerekomenda ring magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral tungkol sa mga artikulong naisulat ng mga batikang komentarista tungkol sa panitikan at politika na maaaring naging kasabayan ni del Mundo. Sa ganitong paraan ay mas mapayayabong pa ang pag-aaral sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas at sa mga personalidad na nagkaroon ng malaking kontribusyon dito.

## Sanggunian

- Agoncillo, Teodoro. "Pasulyap na Tingin sa Panitikang Tagalog." *Philippine Studies*, vol. 2, no. 2, 1970, pahina 229–252, <http://philippinestudies.net/ojs/index.php/ps/article/view/2110>.
- Alegre, Edilberto and D. Fernandez. *Writers and Their Milieu: An Oral History of First Generation Writers in English - Part II*. De La Salle University Press, 1987.
- Antonio, Josiah. "Community Pantry Initiator Fears for Life After False Red-tag Claims." *ABS-CBN News*, 20 April 2021, <<https://news.abs-cbn.com/news/04/20/21/community-pantry-initiator-fears-for-life-after-false-red-tag-claims>>.
- Bautista, Jane. "Teachers' Group: Censure VP Sara over 'Red-tagging'." *Inquirer*, 11 May 2023, <<https://newsinfo.inquirer.net/1767614/teachers-group-censurevp-sara-over-red-tagging>>.
- Del Mundo, Amante. "Ang Dulang Panradyong 'Prinsipe Amante' ni Clodualdo del Mundo, Sr. at ang Produksyon ng Isang Anyo ng Kulturang Popular." 1997. Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Tesis.
- Del Mundo, Clodualdo, Sr. "Ang APEPCOM at ang ating mga Komiks." *Ang Bansa*, November 1957.
- . "Ang Ating mga Kathang Pampelikula." *Ang Bansa*, January 1960, mp. 4–5
- . "Ang Mga Gantimpala'y Palatandaang Ang Tao ay Umuunlad." (walang petsa). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, De La Salle University Archives.
- . "Ang Gintong Panahon ng Panitikang Tagalog." *Ang Bansa*, October 1959, mp. 9–10.
- . "Ang Gobyerno at ang Kalamidad na Pambansa." Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . "Ang Ika-Pitong Sining at ang Tagasuri." *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 61–64.
- . "Ang Impluwensya ng Kapisanang 'Panitikan' sa Panulatang Pilipino." *Ang Bansa*, December 1957, mp. 7–8.
- . "Ang Katungkulan ng mga Babasahin sa Pagpapaunlad ng Panitikan." *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 116–121.
- . "Ari-ariang Panlahat at Pagpapabahay." (walang pahina). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, De La Salle University Archives.
- . "Ayaw Humiwalay sa Isipang Anglo-Saxon ang Con-Con," (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Ayusin ang Oras ng Opisina at Eskuwela." Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . "Bumoto ng Buong Katapatan." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Ang Capital Punishment sa Con-Con." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Collaboration." (walang petsa). CDM Box #16, CDM Folder #0059: Radio commentary in Tagalog, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Con-Con Pa Rin ang Pag-Asa." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Dahan-dahan sa Parity Rights." (walang petsa). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . "Humanda Kaagad sa Bagyo." (walang petsa). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . "Imoralidad sa Kumbensyon." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Isipin ang Kabutihan ng Bayan sa Pagboto." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Komunista." (walang petsa). CDM Box #16, CDM Folder #0059: Radio commentary in Tagalog, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Lessons in Filipino and Nippongo." 1943. Box #7. CDM 0028-0031, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . "Lope K. Santos: Nobelist." *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 45–48.
- . "Lupong Tagasuri ng mga Aklat." *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 144–146.
- . "Lunasan ang Inhustisya." (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.

- . “May Pag-asa pa sa Pagboto ang Kabataan.” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Mayroon Ding Mga Babaing Manunulat.” *Filipina*, Hulyo 1944, pahina 27.
- . “Mga Huling Habilin ni Lope K. Santos.” *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 91–97.
- . “Naghihintay ba tayo ng Epidemya?” Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . “Narcotics: Banta sa Kabataan ng Bansa,” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Paano Mapapasigla ang Maiikling Dulang Tagalog?” *Ang Bansa*, October 1959, mp. 10–11.
- . “Pag-atake sa Kampanya ni Jose P. Laurel.” (walang petsa). CDM Box #16, CDM Folder #0059: Radio commentary in Tagalog, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Pagtuturo ng Panitikang Pilipino.” *Mula sa Parolang Ginto: Mga Panunuring Pampanitikan*. Liwayway Publishing, 1969, mp. 132–133
- . “Pambansang Solusyon sa Baha.” Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . “Radyo: Aliwan o Propaganda?” *Ang Bansa*, July 1957, mp. 10–11.
- . “Red-baiting.” (walang petsa). CDM Box #16, CDM Folder #0059: Radio commentary in Tagalog, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Reporma o Rebolusyon?” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “School Opening: Putbol ng Pulitika.” (walang petsa). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway, De La Salle University Archives.
- . “Silya Elektriya sa mga Sugapa sa Kasamaan.” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Talagang Iba na ang Panahon.” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code, Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Tuta na rin kaya ang mga Delegado sa CON-CON?” (walang petsa). CDM Box #4, CDM Folder #0015: Mga Editoryal at APEPCOM Code. Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, De La Salle University Archives.
- . “Walang Kinabukasan ang mga Estudyante Natin.” (walang petsa). Clodualdo del Mundo, Sr. Collection, CDM Box #4, CDM Folder #0016: Mga Editoryal sa Liwayway. De La Salle University Archives.
- . “Directory of Winners.” Carlos Palanca Memorial Awards website, <http://www.palancaawards.com.ph/index.php/directory-of-palanca-winners>.
- Gregorio, Xave. “Duterte’s Response to Typhoon Onslaught is New Task Force.” *Philstar*, 14 November 2020, <<https://www.philstar.com/headlines/2020/11/14/2056862/dutertes-response-typhoon-onslaught-yet-another-task-force>>.
- Lacaba, Pete. “The January 26 Confrontation: A Highly Personal Account.” *The Philippine Free Press*, 7 February 1970, <<https://philippinesfreepress.wordpress.com/1970/02/06/the-january-26-confrontation-a-highly-personal-account-february-7-1970/>>.
- Ordinario, Cai. “PSA Data Outlines State of PHL ‘homelessness’.” *Business Mirror*, 12 May 2023, <<https://businessmirror.com.ph/2023/05/12/psa-data-outlines-state-of-phl-homelessness/>>.
- Panti, Llanesca. “CHED: We are Not Anti-Filipino For Not Requiring Filipino Subjects in College.” *GMA News*, 28 May 2019, <<https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/695972/ched-we-are-not-anti-filipino-for-not-requiring-filipino-subjects-in-college/story/>>.
- Ramos, Christia Marie. “Lapid Wants Disaster-related Announcements Translated to Tagalog, Regional Languages.” *Inquirer*, 26 June 2020, <<https://newsinfo.inquirer.net/1297868/lapid-wants-disaster-related-announcements-translated-to-tagalog-regional-languages>>.
- Sison, Shakira. “The Problem with Filipino Resilience.” *Rappler*, 30 October 2014, <<https://www.rappler.com/voices/ispeak/73433-problem-filipino-resilience/>>.
- The LawPhil Project. “People of the Philippines vs. Gomez, et al.” Arellano Law Foundation, <[https://www.lawphil.net/judjuris/juri1971/jan1971/gr\\_28232\\_1971.html](https://www.lawphil.net/judjuris/juri1971/jan1971/gr_28232_1971.html)>.
- Valenzuela, Sheena. ““Diplomacy” with China Made the Philippines a COVID-19 Hotspot in Southeast Asia.” *Asia Pacific Bulletin*, 12 December 2020, <<https://www.eastwestcenter.org/publications/%E2%80%9Cdiplomacy%E2%80%9D-china-made-the-philippines-covid-19-hotspot-in-southeast-asia>>.
- Wells, Matt. “War on Drugs, War Against The Poor.” *Rappler*, 4 February 2017, <<https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/160492-war-on-drugs-war-against-poor/>>.
- Yang, Angelica. ““They are Tagalogs’: Padilla Says to Use Tagalog to Debate Senate Colleagues.” *Philstar.com*, 14 June 2022, <<https://www.philstar.com/headlines/2022/06/14/2188323/they-are-tagalogs-padilla-says-use-tagalog-debate-senate-colleagues>>.